# Posisyon Kay Cristo

Jeffersonville, Indiana, USA

Mayo 22, 1960

1 Brother Neville… Magandang umaga, mga mag-aaral. Lubos kaming nagagalak na muling makabalik upang mabati kayo sa Pangalan ng Panginoong Jesus na sapat sa lahat. Umaasa kami na nagkaroon kayo ng isang dakilang linggo ng pagpupuri sa Kaniya at mga pagpapala…

Paparating pa lang ako kaninang umaga, nakasalubong ko ang isang batang lalaki at binigyan niya ako ng isang munting plake ng Anghel na nagbabantay sa dalawang maliit na bata. Hindi ko alam na iyon pala ay anak na lalaki ni Brother Daulton.

2 At dito ilang linggo pa lamang ang nakararaan, o mga dalawang linggo pa lamang, mayroong isang ama, Cristianong Ama, na humiling ng panalangin para sa kaniyang dalagitang anak na hindi pa Cristiano. Habang kami ay nakatayo sa prayer line, ang sabi ng Espiritu Santo, "Ibinibigay Ko sa iyo ang iyong anak." At narito siya ngayong umaga, ligtas at nabautismuhan sa Ngalan ng Panginoong Jesus Cristo, nakaupo sa plataporma, tulad ng sinabi ng Espiritu Santo. At lahat ng iba pang mga bata ay nakaupo sa paligid. Alam kong masaya ang pamilyang Daulton.

3 Nakikita ko ang babaeng may sanggol na kanilang ipinanalangin nung nakaraang Linggo, na akala nila ay mamamatay na. Nakikita kong kasama pa rin natin ito ngayong umaga, at iyan ay lubos nating ikinagagalak, sister. Akala nila mayroon itong muscular dystrophy, pero wala naman. Kaya't lubos tayong nagpapasalamat.

4 Nakikita natin lahat ng matatalik nating mga kaibigan. Naaalala ko ang lalaking ito na lumapit sa akin sa isang espesyal na panayam sa Chatauqua minsan, sa paniwala ko'y doon nga iyon. Nag-almusal akong kasama mo at ng iyong asawa at mga anak, sa wari ko, o ikaw at iyong maybahay, o ang iyong mga anak, oo, kasama sila. Sa Middletown, kung saan tayo ay… Nakalimutan ko na ang pangalan, kaya't ang tawag ko na lang dun ay Chatauqua. Opo. Marami sa aking matatalik na kaibigan ay…

Sina Brother Charlie Cox at Sister Nellie na naririto, na naging parang ikalawang tahanan na sa akin, at kung anu't anoman maaari ko rin silang maging sariling mga anak. Nagpupunta ako roon; doon ko ginugugol ang karamihan ng panahon ng pagrerelaks ko. Siya ang pinakamagaling na mangangaso ng squirrel sa Kentucky kapag ako'y nasa Indiana. At kaya nga… At Charlie, sinasabi ko sa iyo sadyang nananabik ako, ramdam na ramdam ko na para bang dapat akong makahuli ng ilang mga crappy o mga guhitang isda bago ako pumanik doon. Talagang sa palagay ko'y mapapayagan ko iyon nang husto.

5 Si Brother Parnell-Arnette, na taga South Carolina, at si Brother… Buweno, sadyang napakaraming naririto mula sa iba't ibang lugar, na dumating ngayong umaga upang bumisita sa atin.

Alam n'yo, wala tayong anumang regular na sapian dito. Ang mayroon lang tayo ay pakikisama sa isa't isa, habang nililinis tayo ng Dugo ni Jesus Cristo sa lahat ng ating kalikuan.

6 Ngayon, nagsasagawa tayo ng isang napakagandang pag-aaral, sadyang napakaluwalhati. At tayo ay, kahit papaano alam kong nasisiyahan ako, at alam kong nasisiyahan din kayong lahat dito. Pag nagsimula ako minsan maghapon akong nangungusap o nagbabasa tungkol dito; kukuha ako ng mga dalawang talata; at sisimulan kong suyurin ang mga Kasulatan, at malalaman mo na lang, nakarating na ako sa Apocalipsis mula sa Genesis, at tuloy pa rin.

At, alam n'yo, nais kong gumugol ng isang panahon kung kailan ay magagawa nating talakayin ang Aklat ng Mga Hebreo, at gugugol tayo ng gaya ng… Buweno, kapag dumating ang panahon ng mga squirrel, gaya ng Setyembre-mga Oktubre-Agosto alam n'yo na, at itutuloy natin hanggang oras na upang mangibang-bayan, gabi-gabi tatalakayin natin ang Aklat ng Mga Hebreo, o ang Aklat ng Exodo. Kung papaanong, sa Exodo, inilabas ng Diyos ang Kaniyang bayan mula sa Egipto, isang exodo, napakagandang tipo ng ating paghahanda ngayon para sa ating exodo. Ito'y, oh, napakaganda nito. Ang buong Kasulatan ay sadyang magkakarugtong, at ito'y isang malaking kuwento.

7 Ngayon, sa umagang ito tayo'y nasa aklat pa rin ng… Kukunin lang natin ang unang tatlong kabanata ng Aklat ng Efeso, ang sulat ni Pablo sa mga taga Efeso, sa pagsisikap nating ilagay ang iglesia sa tamang posisyon. At bago tayo tumungo rito, maaari bang saglit tayo muling manalangin, bago natin gawin iyon.

8 O Panginoon naming Diyos, pumapasok kami ngayon sa Iyong Presensya, na di karapat-dapat, subalit nalalaman naming mayroong Dugong Alay na naghihintay, naglilinis ng aming mga karumihan, at inihaharap kami sa Ama na walang sala at walang kapintasan. Hindi dahil sa anumang maaari naming gawin upang maging karapat-dapat dito, kundi dahil ginawa ito ni Jesus para sa amin, yumuyukod kami ng buong pagpapakumbaba sa Kaniyang Presensya at sa Kaniyang Pangalan, humihiling na Iyong isugo ang Espiritu Santo sa aming kalagitnaan ngayong umaga. At dahil di ako isang teologo o maalam na magsaayos ng Kasulatan, kundi masigla lang at nagpapasalamat sa nadaramang Espiritu Santo na kumikilos sa aking katauhan, mapagpala nawa kaming lahat habang binabasa namin ang Iyong naisulat na

Salita, upang ito'y maging Buhay na Walang Hanggan sa amin. Itulot Mo po ito, Ama. Hinihiling namin ito sa Ngalan ni Jesus at para sa kapakanan ng pangalan ni Jesus. Amen.

9 Ngayon, maaari kong sabihin muna, na kailanman ako makapagsabi ng isang bagay na di n'yo sinasang-ayunan, hindi lapat, o marahil ay salungat na salungat sa inyong mga katuruan, o ng isang bagay na di n'yo masang-ayunan, nagtitiwala akong gagawin itong napapanahon at matamis ng Espiritu Santo na di magkaroon ng anumang katitisuran (Kita n'yo?), na ito'y masabi sa pag-ibig at pakikisama, na siya namang layunin nito.

At nagsimula ang lahat ng ito sa pamamagitan ng isang sermon nung nakaraang Linggo, sa pakiwari ko, nung nakaraang Linggo ng umaga, na "Ang Tinanggihang Hari." May nakakuha na ba ng tape na iyon? Sa palagay ko'y mayroon na sila ng mga iyon, at maaari kayong makakuha ng mga iyon, kung nais n'yo, "Ang Tinanggihang Hari."

10 Ngayon, ilang araw na lang at magsisimula na tayo sa Middletown, Ohio. Nais nating tiyakin ng lahat ng naglaan ng bakasyon nila para sa panahong iyon na sila'y makipagtipon sa atin doon, dahil umaasa tayo ng isang dakilang panahon ng pagsasama-sama sa Middletown, Ohio. Si Doctor Sullivan ang chairman, sa wari ko, ng komite. At limang gabi iyon; ako'y mangangaral bilang panauhing tagapagsalita sa International Convention of the Interdenominational Church. At pagkatapos niyon, ay ang pagtitipon naman natin. Itinakda natin iyon hanggang sa a-dose, ngunit may intindihang maaari tayong magpatuloy ng isa pang linggo matapos iyon, papaano man tayo pangunahan ng Espiritu Santo. Nais nating lahat na mapangunahan ng Espiritu Santo; anuman ang sabihin ng Espiritu Santo na dapat gawin, ay gawin natin nang mabilis.

11 At alalahanin natin, habang sinusunod natin ang Espiritu, isang malaking aral na nais nating matutunan ay ang huwag magmadali (Kita n'yo?), magdahan-dahan lang, at manampalataya. Kung humingi tayo sa Diyos ng anumang bagay, tandaan, ang Diyos ay sumasagot sa panalangin. Ginagawa Niya iyon sa Kaniyang panahon, sa paraang pinakamainam, inaayos Niya iyon para sa atin. At kung hindi ganun, ano ang ginagawa natin dito ngayong umaga? Anong dahilan at sinasabi nating mga Cristiano tayo? Ang Diyos… Kung hindi ito Salita ng Diyos, hindi ito totoo, at nasumpungan tayong pinakamiserable sa lahat ng tao.

Lubos akong nagagalak na makipag-isa sa puso sa maraming naririto na nakababatid na Ito ang di nagkakamaling Salita ng Diyos. Kung gayon Ito'y… Bawat Salita Nito ay Katotohanan, bawat Salita Nito, bawat bahagi Nito. At sa biyaya ng Diyos, tulad ng binigyan ako ng prebilehiyong masilayan ang lupaing lalakbayin natin isang araw…

12 Kahapon… Hindi alam ng mga tao kung anong malulungkot na panahon ang kaakibat ng ganitong uri ng ministeryo. Nalungkot ako nang husto, at sinabi ko sa aking maybahay, "Sana pumanaw na lang ako."

Ang sabi niya, "Bakit mo sinasabi 'yan, Bill?"

Ang sabi ko, "Ako'y… Oh, dito'y may mga kabagabagan at iba pang mga bagay."

At nang magkagayo'y tila nangusap ang Espiritu Santo, "Sinusubukan mo bang iwasan ang mga iyon? Sinusubukan mo ba silang ilagan?" Kita n'yo?

"Hindi," ang sabi ko, "hayaan Mong harapin ko ang lahat ng ito (Kita n'yo?), sadyang…" Kita n'yo?

Mas higit na mainam. Tapatan, sa totoo lang, sinsabi ko ito sa pamamagitan ng pagkasaksi ko mismo, na pagkatapos na pagkatapos ng buhay na ito, papasok tayo sa isang lupaing higit sa maiisip ng sinuman. At kung may mga bisitang naririto, nagtitiwala akong hindi n'yo ako… Dalangin ko sa Diyos na huwag n'yo akong ituring na isang panatiko. Kung may anuman akong nais, ito ay ang maging tapat at ang magsabi ng katotohanan. At ano'ng maitutulong sa akin kung magsasabi ako ng isang maling bagay, samantalang napakaraming katotohanang naririto? Tayong lahat… Bakit kailangan nating magsabi ng di tama? Kita n'yo? Sadyang katotohanan lamang ito.

13 At kaya pala, sa wari ko si Pablo ay naiangat sa ikatlong langit at nakakita siya ng mga bagay na di niya kailangang banggitin. At isang araw ay sinabi niya, "Hindi nakita ng mata, o narinig man ng tainga, o pumasok man sa puso ng tao, kung ano ang inihanda ng Diyos para sa kanila na nagsisiibig sa Kaniya."

Oh, sadyang nabubuhay… Nabubuhay tayo sa isang tambak ng basura dito (Iyon lang.), isang bunton ng basurang nagbabaga dahil sa karumihan ng… Kahit di tayo mismo ang kontaminado, tayo ay nakatira dito, kung saan ay nauusukan tayo ng mga nagbabagang kasalanan. Isa sa pinakanakasusukang bagay na maaari kong isipin ay ang isang nasusunog na tambakan ng basura ng bayan. Napalapit na ba kayo sa ganun? Ang kahindik-hindik, at napakaruming amoy ng usok na nanggagaling sa lahat ng uri ng dumi, at ito ay nalalanghap mo, at sadyang napapatalikod ka.

14 Naaalala ko nung kailanganin kong pumunta sa New Albany, sa may-sa ibaba ng Eighteenth Street,

kung saan naroroon ang dating tambakan ng basura, at kinailangan kong mangolekta roon at magbasa ng mga metro. At sadyang kinatatakutan ko ang araw kung kailan (Iyon ay ang route eighteen.)-kapag kailangan kong dumaan doon, dahil maaamoy ko ang kahindik-hindik na amoy na iyon. Anupa't naroroon ang mga patay na daga at aso at lahat na, alam n'yo na, na nagbabaga, at ang usok na pumapaimbulog doon.

Ganunpaman, doon mo maiikukumpara ang buhay na ito, sa pinakamainam na yugto nito: punung-puno ng usok, umaalingasaw ang kasalanan sa lahat ng dako, tulad no'n, sa espirituwal na pangungusap. Ngunit, oh, sa lugar kung saan umiihip nang malaya ang hangin, at ang lahat ay maganda, at mayroong kapayapaan, at kagalakan, at Eternal na Buhay, sa pagtawid lang ng ilog… Ngunit tayo ay nasa isang pakikibaka, kaya't huwag tayong magpahiga-higa lang at sabihin natin, "Magmadali tayo at pumaroon na tayo"; isama natin lahat ng maaari nating maisama. Tayo'y…

15 At ngayon, ang layunin ng mga araling ito ay upang maiangkla ang mga nakatawid na sa lupain. Ang layunin ng pag-aaral na ito sa Aklat na ito ng Efeso ay upang ipuwesto ang iglesia sa tamang posisyon nito kung saan ganap itong makatatayo kay Cristo. Isa itong tipo ng Lumang Tipan at ng Aklat ni Josue, kung saan pinarte ni Josue (Tinalakay natin iyon nung nakaraang Linggo.)-kung saan pinagparte-parte ni Josue ang lupain sa bawat isa. At ginawa niya iyon sa pamamagitan ng inspirasyon.

Kung papaanong si Moises-inilabas niya ang bayan mula sa Egipto, sa bawang, sibuyas, at binigyan niya ng isang lugar na ipinangako ng Diyos pagkatapos ng apat na raang taon-o apat na raang taon na ang nakalilipas, na dadalhin Niya sila sa isang lugar, isang mabuting lugar na dinadaluyan ng gatas at pulot. At pinangunahan ni Moises ang mga anak ni Israel hanggang sa gilid ng lupain, ngunit di niya sila naitawid.

At si Jesus, sa espirituwal, sa mga taong… May Espiritu Santong ipinangako sa atin magmula pa nung simula; inakay tayo ni Jesus papalapit sa pangakong iyon. Ngunit ang Espiritu Santo ay dumating tulad ni Josue upang magtawid at umakay, at manguna, at upang angkinin ang lupain, o angkinin ang iglesia. Nakita natin, unang-una, na sa ating…

16 Ngayon, dito, marahil, maaaring isipin ng mga tao na ako ay malupit at winawalang-bahala ko ang mga kapatid. Hindi. Ang Diyos ang maging Hukom ko na hindi ako ganun. Kita n'yo? Sinisikap ko lang ipakita ang isang bagay na totoo. Kita n'yo? Pumili tayo ng mga tagapanguna mula sa mga tao, sa halip ng pangunguna-mga tagapanguna-ng pangunguna ng Espiritu Santo. Hinangad nating mga tao ang mamahagi ng ating parte at manguna sa atin, mga denominasyong tulad ng Methodist, Baptist, Presbyterian, Lutheran, Church of Christ, Pentecostal, at iba't ibang denominasyon, upang gawing ehemplo ang isang organisasyon, at iyon ay sinusundan natin. Ngunit tayo ay…

Walang lugar sa Biblia na nagsasabing dapat nating gawin ang gayon. Walang isang teksto ng Kasulatan sa buong Biblia ng Diyos, kung saan ay nag-organisa Siya ng isang iglesia, o kung saan ay nangusap Siya ng tungkol sa isang organisasyon: walang isa mang lugar sa Biblia, bagkus lagi Siyang salungat dito. Ayaw Niyang matulad tayo sa mga bagay ng sanlibutan. Nais Niyang maging pekulyar tayo, nakabukod.

Hindi ang maging "hangal" ang ibig kong sabihin, tulad ng bansag natin dito. Ang ibig kong sabihin ay maging isang bayang pinalabas, oh, isang bayang banal, namumuhay ng mga buhay na di madudusta, kumikilos, nag-uugali tulad ng nais Niya, kumikilos sa atin, sapagkat tayo ay gawa Niya, nilikha kay Cristo Jesus ukol sa mabubuting gawa.

17 Ngayon, nung Miyerkules ng gabi, marami sa inyo ang wala nung Miyerkules ng gabi, ngunit tinalakay natin ang… sa wari ko ang ika-3 talata, o ang… Hindi, ang ika-5 talata, patungkol sa pagkukupkop, o pagpupuwesto ng mga tao, kung papaanong sinisikap ng Diyos na ipuwesto ang Kaniyang bayan. At kapag ipinuwesto Niya ang isa, ay naku, gusto ng buong iglesia na matulad sa isang iyon, magkaroon ng katulad na mga bagay, gumawa ng kaparehong bagay. Magkakaiba ang pagkakatabas sa atin; magkakaiba ang pagkakayari sa atin; iba't iba ang kalikasan natin; at magkakaiba ang pagkakapusisyon sa atin, ang isa't isa ay para sa magkakaibang gawain; marahil ang isa ay para sa isang maliit na uri ng gawain, ang isa naman ay sa para sa isang malaking gawain.

Sa wari ko si David o isa sa mga propeta ang nagwika; nakalimutan ko na, ang sabi, "Mas iibigin kong maging isang basahan sa bahay ng Panginoon, kaysa manahan sa mga tolda kasama ang masama."

18 Ngayon, hihinto tayo sandali sa pagkukupkop, sa ika-5 talata, sinisikap nating magpakalalim sa abot ng ating makakaya tungkol dito. Ngunit ngayon, tandaan n'yo ang tema; ang lahat ng ito ay tungkol sa pagpupuwesto. Ilan ang nakauunawa niyan? Pakinggan nga nating sinasabi n'yo ito sa isang salita. Pagpupuwesto [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Pagpupuwesto"!-Ed.] ng Katawan ["ng Katawan"-Ed.] ni Jesus Cristo ["ni Jesus Cristo"-Ed.] sa tamang posisyon ["sa tamang posisyon"-Ed.] kay Cristo ["kay Cristo"-Ed.] kung saan ang Espiritu Santo ["kung saan ang Espiritu Santo"-Ed.] ang nangunguna sa atin ["ang nangunguna sa atin"-Ed.] Hayan; nakuha na natin. Kita n'yo? Ang Aklat ng Efeso ay

magpupusisyon sa atin sa tama nating lugar.

19 At masdan n'yo ang dalubhasang gurong si Pablo. Ang unang ginawa niya ay inalis nang lubusan ang lahat ng ideya ng pagkawalay. Lubusan niyang inalis ang ideya ng pagiging Cristiano ngayon, pagkatapos kinabukasan, "wala na naman ako, at sa susunod na araw kinukundina ako ng Diyos at sa susunod pang araw nakabalik na naman ako." Walang kabuluhan iyon. Ngayon, ito ay… Ang Aklat na ito ay di patungkol sa ebanghelistikong pagtuturo, sa mga sermon ng ebanghelista. Hindi tayo… Hindi ko ito sinasagi sa labas. Inihahatid ko ito sa iglesia; idinirekta ito ni Pablo sa mga banal, sa mga tinawag, at iningatan, at pinuspos, at binukod, at mga nasa Espiritu Santo, nasa lupain na ng Canaan. Sinisikap niyang sabihin sa kanila, unang-una, alisin n'yo sa isipan n'yo na kayo'y mapapahamak, at magkakaganito kayo, at kayo ay natatakot sa ganito. Huwag kayong matakot sa anumang bagay, sapagkat sinisikap niyang sabihin sa inyo kung saan kayo naroroon, kung sino kayo, at ano ang inyong katayuan.

20 Ngayon, maaaring makagawa kayo ng mga bagay na mali, at sa tuwing gagawa kayo ng anumang bagay na mali pagbabayaran n'yo ito. Opo, aanihin mo kung ano ang inihasik mo. Ngunit wala 'yang anumang kinalaman sa iyong kaligtasan. Kapag ika'y isinilang ng Espiritu ng Diyos, mayroon ka nang Eternal na Buhay at di na maaari pang mamatay tulad ng Diyos. Ika'y bahagi ng Diyos; ika'y anak ng Diyos.

Isinilang akong isang Branham. Maaaring bansagan mo ako ng ibang pangalan, ng ibang bansag, ngunit di ako mababago; ako'y Branham pa rin. Isinilang akong Branham, kailanpama'y magiging Branham. Ako'y… Maaaring masira nang husto ang itsura ko isang araw, mahukot ng rayuma, mabangga at magkalasug-lasog hanggang magmukha akong hayop, ngunit magiging Branham ako magpakailanman. Bakit? Dugong Branham ang taglay ko.

21 Iyon ka. Hangga't ang Diyos ang gumawa sa iyo… Ngayon, alalahanin n'yo, hindi ako nangungusap sa mga wala kay Cristo. Ang kinakausap ko ay yaong mga na kay Cristo. Papaano ka napapa kay Cristo? "Sa pamamagitan ng isang Espiritu… (Malaking E-s-p-i-r… na nangangahulugang) Sa pamamagitan ng isang Espiritu tayong lahat ay binabautismuhan papasok sa isang Katawan. Papaano tayo nakapapasok? "Sa pamamagitan ng bautismo sa tubig? Salungat na salungat ako sa inyong mga Baptist at sa inyong mga Church of Christ. Hindi sa pamamagitan ng bautismo sa tubig, hinding-hindi. Ang sabi ng I Corinto 12, "Sa pamamagitan ng isang Espiritu (Banal na Espiritu) tayo naihahatid sa Katawang iyon," at tayo'y singligtas ng Katawang iyon. Ipinangako ito ng Diyos.

22 Papaano Siya magagawang hatulan ulit ng Diyos, samantalang nagtungo na Siya sa Kalbaryo? Sa pagpanik Niya sa Golgotha, Siya ay pinalo, binugbog; hindi Niya magawang makapagpagaling; halos di Siya makasambit ng isa mang salita. 'Pagkat bakit? Dala Niya ang mga kasalanan ng sanlibutan, hindi dahil Siya ay makasalanan, kundi ginawa Siyang kasalanan para sa inyo. Lahat ng kasalanan ng mundo mula kay Adan hanggang nang dumating Siya, ay pasan-pasan Niya. At di pinarurusahan ng Diyos ang Kaniyang Anak. Ang kasalanan ang pinarurusahan Niya. Nakikita n'yo ba kung gaano kahindik-hindik iyon? Siya ay nagsasagawa ng isang pagtubos. Gumagawa Siya ng daan ng pagtakas sa lahat ng alam na ng Diyos na lalapit sa pamamagitan ng Kaniyang paunang-kaalaman. Pupunta tayo riyan sa loob ng ilang sandali.

23 Ngayon, kung ganun, nang kayo ay… Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binabautismuhan tayo papasok sa Katawang iyon, isang Katawan na walang iba kundi si Cristo, at ligtas tayo magpakailanpaman.

Ngayon, diyan kakatuwang tinatamaan, lalo na ang-ang-ang mga mananampalatayang Arminian, na sila ay-kailangan nilang gumawa ng isang bagay upang gawing karapat-dapat ang kanilang sarili, o ng isang bagay na magpapabuti sa kanila. Papaano ito mangyayari sa pamamagitan ng dalawang bagay sa iisang pagkakatao n? Kundi ito sa pamamagitan ng biyaya, ito ay sa pamamagitan ng mga gawa, isa lang. Hindi maaaring ito ay sa pamamagitan ng iisang bagay, o ng dalawang magkaibang bagay, dapat ay sa pamamagitan ng iisang bagay lamang. Ito ay… Ako'y… Ang aking…

24 Sadyang wala na akong makitang iba pang bagay kundi ang biyaya ng Diyos. Iyon ang bumubuo sa akin. Noon pa man ay naniniwala na ako sa biyaya. Ako ay sadyang biyaya sa kabuuan ko; iyon lang. Hindi ako-ako'y… Maging sa buhay ko nung ako ay bata pa, wala akong makitang anuman kundi biyaya, biyaya. Ang sabi nila, "Aking-aking… Kamutin mo ang likod ko at kakamutin ko rin ang sa iyo." Buweno, ang pangit na ekspresyon niyon. Ngunit wala sa akin kung kamutin mo man ang likod ko o hindi; kung kailangang makamot ang iyong likod, kakamutin ko pa rin ang iyong likod. Kita n'yo? Biyaya… Opo. Kita n'yo, ang biyaya ay gumagana sa pamamagitan ng pag-ibig. Kung kailangan n'yo… Kahit pa wala kayong ginawang anuman para sa akin, at wala akong anumang kinalaman sa inyo, kung kailangan n'yo, gagawin ko pa rin iyon sa inyo: Biyaya, dahil sa kailangan n'yo…

25 Nangailangan ako ng kaligtasan. Walang anumang makapagligtas. Wala akong anumang maitulong sa aking sarili; walang paraan na maligtas ko ang sarili ko. Ngunit nangailangan ako ng kaligtasan, sapagkat naniniwala ako sa Diyos. At isinugo ng Diyos ang Kaniyang Anak, na ginawang tulad ng makasalanang

laman, upang maghirap sa aking lugar. At ako ay naligtas, sa biyaya lang ako naligtas; wala akong anumang magawa, maging kayo man, upang ilgtas ang inyong sarili. At ang mga nung una pa man ay nakilala na Niya bago pa itatag ang sanlibutan ay…

26 Tinalakay natin iyon nung nakaraang Miyerkules, inilarawan natin ang Diyos sa Kaniyang pagiging Elah, Elohim, at ipinakita nating Siya noon ay nabubuhay na mag-isa. Ngunit sa kalooban Niya ay may pagiging Ama, sa loob Niya ay mayroong iba't ibang katangian, tulad ng Tagapagligtas, tulad ng Tagapagpagaling. Lahat ng iyon ay nasa Diyos, at ang Diyos noon ay nabubuhay na mag-isa. Ngunit dahil ganun nga Siya, Siya ay isang Tagapagligtas, Siya ay isang Ama. Wala Siyang kasamang Anghel; wala Siyang kasamang anuman. Walang anuman noon maliban sa Kaniyang Sarili. Siya ay nabubuhay na mag-isa. Walang iba pang nabubuhay maliban sa Diyos.

Ngunit dahil Siya ay Diyos, kailangang magkaroon ng sasamba sa Kaniya, dahil gustung-gusto Niya ang pagsamba. At Siya mismo ang lumikha ng mga nilalang na sasamba sa Kaniya.

Ngayon, pansamantala nating sagiin iyon muli. Pansamantala lang, hindi natin dadaanan ang kabuuan nito, ngunit makukuha n'yo iyon sa tape. Ngunit dahil sa Siya ay Diyos, lumikha Siya ng mga Anghel, at sinamba Siya ng mga Anghel. Sinasamba pa rin Siya ng mga Anghel. At ang mga Anghel na nakatayo sa Kaniyang Presensya ay mayroong anim na magkakasamang pakpak, anim na pakpak. Tinatakpan nila ng dalawa ang kanilang mukha, ng dalawa ang kanilang mga paa, at lumilipad sila sa pamamagitan ng dalawa pa sa Kaniyang Presensya, na sumisigaw araw at gabi, "Banal, banal, banal, ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat." Iyon ang sabi ng Kasulatan. Sinamba nila Siya, at ngayon may nalikha na upang sumamba sa Kaniya.

27 At sa loob Niya ay mayroong katanginang Tagapagligtas. Papaanong maliligaw ang mga nilalang na iyon, samantalang walang kasalanan o kaisipan man lang ng kasalanan? Hindi maaari. Kaya't kinailangang may malikhang maaaring mapahamak, upang magawa Niyang maging isang Tagapagligtas. Sa loob Niya ay may isang Tagapagpagaling. Naniniwala ba kayong Siya'y isang Tagapagligtas? Naniniwala ba kayong Siya'y isang Tagapagpagaling? Buweno, papaano kung walang ililigtas o pagagalingin? Kita n'yo, kailangang may magbigay-daan para doon.

Kaya't… Ngayon, hindi Siya ang gumawa ng daang iyon, ngunit inilagay Niya ang tao sa kalagayang maaari siyang magpasiya sa kaniyang sarili, "Kung tatanggapin mo ito mabubuhay ka, kung tatanggapin mo iyon, mamamatay ka." At bawat taong dumarating sa mundo ay ganun pa rin ang kalagayan. Ang Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang paunang-kaalaman, alam na Niya kung sino ang tatanggap o hindi. Kung ang Diyos bilang…

28 May naitanong sa akin kahapon ang isang teologo, na dumadalo sa mga pagtitipon o nakikinig sa tape; aniya, "Isang tanong." Ang sabi niya, "Kung ganun ang Diyos pala ay nasa lahat ng dako?" Ang sabi pa niya, "Maaari Siyang mapasa-lahat ng dako?"

Ang sabi ko, "Hindi Siya omnipresent ayon sa sinasabi ng salitang omnipresent. Hindi maaaring isa Siyang Being pagkatapos ay omnipresent Siya. Kung Siya ay omnipresent, bakit dumadalangin kayo para sa Espiritu Santo? Kung Siya ay omnipresent, pinupunan Niya ang bawat bitak, sulok, awang, bawat selula, himaymay, at lahat ng iba pa." Ang sabi ko, "Bakit Niya hinanap si Moises kung Siya'y omnipresent sa dulo? Bakit Siya nagparoo't parito sa halamanan ng Eden, na sumisigaw, 'Adam, Adam, nasaan ka?' kung Siya ay omnipresent?"

Siya'y omnipresent dahil alam Niya ang lahat ng bagay. Nalalaman Niya ang lahat ng bagay dahil Siya'y impinit, at dahil doon Siya ay omnipresent. Kung gayon ang pagiging omnipresent Niya… Dahil Siya ay impinit, nasa kalangitan Siya, nananahan Siya sa isang lugar sapagkat Siya ay isang Persona.

29 Ngunit dahil Siya ay impinit, nalalaman Niya ang lahat ng mga bagay, alam Niya tuwing kumukurap ang mata ng isang niknik; alam Niya tuwing pumapasok ang pukyutan sa bahay nito upang kumuha ng pulot. Alam Niya ang bawat mayang nakadapo sa punongkahoy. Alam Niya ang bawat kaisipan na nasa inyong isipan, sapagkat Siya ay impinit at nakaaalam ng lahat ng bagay. Kung gayon, di lang Siya impinit, alam Niya rin ang lahat ng bagay; nalalaman Niya ang lahat ng bagay. Ngunit Siya ay isang Persona. Ang Diyos ay isang Persona, at mula sa Pesonang ito ay lumabas ang mga ito.

30 At ang kasalanan… Sinabi ko nung isang gabi, "Ang kasalanan ay di nilikha." Walang nilikhang hindi sakdal. Nilikha ng Diyos na mabuti ang lahat ng mga bagay. Ang kasalanan ay di nilikha. Ang sabi, "Buweno, iyan ang pagkalikha ng kasalanan." Narinig n'yo iyon. Ngunit iyon ay mali, ang kasalanan… Mayroong iisa lamang na Manlilikha; iyon ay ang Diyos. Hindi maaaring likhain ng Diyos ang kasalanan, sapagkat Siya ay banal at wala Siyang taglay na anuman na makagagawa niyon. Ang kasalanan ay pambabaluktot, hindi nilikha, kundi ito'y pambabaluktot. Ang pangangalunya ay binaluktot na matuwid na gawa. Ang kasinungalingan ay katotohanang mali ang pagkakasabi. Anumang kasalanan, anumang sala ay katuwirang binaluktot.

31 Samakatuwid, ang Diyos ang nagpupuwesto. Ipinamalas na Niya ang Kaniyang Sarili, Siya'y Diyos. Ipinamalas na Niya ang Kaniyang Sarili bilang isang Tagapagligtas: ang tao ay naligaw at iniligtas Niya tayo. Ipinamalas na Niya ang Kaniyang Sarili bilang isang Tagapagpagaling. Hindi mahalaga kung anuman Siya ayon sa mga tao; at ganun pa rin. Siya ay isang Tagapagpagaling; Siya'y isang Tagapagligtas; Siya'y Diyos; Siya'y eternal. At mayroon Siyang layunin at… Ang layunin Niya nung pasimula pa lamang ay ang gumawa ng mga nilalang na magmamahal at sasamba sa Kaniya.

At gumawa Siya ng mga nilalang, at nahulog ang mga nilalang na iyon. At pagkatapos ang Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang pagiging impinit, ay tumingin sa buong daloy ng panahon at nakita Niya ang bawat taong maliligtas. Ang bawat tao ay nakilala Niya sa pamamagitan ng paunang-kaalaman. Samakatuwid kung nakilala na Niya, sa pamamagitan ng paunang-kaalaman, kung sino ang maliligtas at hindi maliligtas, magagawa Niyang magpredestinate. Hindi naman pala ganun kasama ang salitang iyon, di ba? Nagawa Niyang magpredestinate, dahil alam Niya kung sino ang maliligtas at sino ang di maliligtas. Kung kaya, upang makuha yaong mga maliligtas, kinailangan Niyang gumawa ng pagtubos sa kanilang mga kasalanan.

Oh, kung maaari lang, nais nating puntahan iyon, ilang talata lang sa ibaba. Itinalaga Niya tayo sa Eternal na Buhay, dahil nakilala Niya yaong magwawaksi ng lahat, at kahit gaano ito kakatuwa sa pananaw ng mga tagasanlibutan, wala itong anuman sa kanila, sapagkat sila ay mga anak ng Diyos.

32 At tinawag Niya sila, at isinugo Niya si Jesus, upang ang Kaniyang Dugo ay maging pantubos, panubos na Dugo, upang ipampayapa, o isang pangtanggap, o isang panlinis, isang tuloy-tuloy na mapanlinis na proseso, hindi lang minsanan sa isang revival, kundi patuloy na nabubuhay, namamagitan, upang ang Cristiano ay mapanatiling malinis araw at gabi. Naroon sa krus ang Dugo ni Jesus Cristo na siyang dahilan ng pagkatanggap sa atin, sa Presensya ng Diyos, na lumilinis nang walang patid sa atin, araw at gabi, sa lahat ng kasalanan. At tayo ay ligtas na naipasok na. Naipasok sa papaanong paraan? Sa pamamagitan ng Espiritu Santo papasok sa Katawan ng Panginoong Jesus Cristo at ligtas. "Ang dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa Nagsugo sa Akin ay may Buhay na Walang Hanggan at di na hahatulan, kundi lumipat na mula sa kamatayan tungo sa Buhay." Wala nang kahatulan, ang Cristiano ay di na tutungo pa sa paghuhukom. Si Cristo na ang pumaroon para sa kaniya. Ang Abogado ko ay tumayo sa aking lugar. Ipinagtanggol Niya ang aking kaso, na ako ay walang sala. Sinabi Niya sa Ama na ako ay di karapat-dapat, at ako ay ignorante. Ngunit minahal Niya ako at humalili Siya sa akin, at pinagtanggol ang aking kaso; at ngayon ako ay malaya na. Opo. At binubo Niya ang Kaniyang Dugo upang ihandog para sa ating mga kasalanan.

33 Tandaan n'yo nung nakaraang Miyerkules ng gabi, walang Cristiano… Ang mga Cristiano ay nagkakasala, ngunit ang isang makasalanan ay di maaaring magkasala. Ang isang makasalanan ay hindi nagkakasala, sapagkat siya ay makasalanan. Siya'y makasalanan sa pasimula pa lang at iyon lang. heto, ihalimbawa natin ang likuran ng aklat na ito; ito'y kulay itim, gaano kalaking bahagi nito ang kulay itim? Ang kabuuan nito ay itim. Sadyang walang puti rito; ito'y itim. Sasabihin mo, "Itong bandang ito." Hindi; ang kabuuan nito ay itim. Puro itim ito. Ganiyan ang isang makasalanan. Sadyang kundinado na siya sa pasimala pa lang. Buweno, sasabihin mo, "Papaano kung mangalunya siya? Papaano kung nanghalay siya ng isang babae? Papaano kung siya'y magsugal? Papaano kung mamaril siya ng isang tao?" Wala na tayong pakialam do'n. Wala na tayong pakialam do'n; mayroon tayong mga batas dito na bahala riyan. Hindi kami mga reformer; kami'y mga mangangaral ng Ebanghelyo. Hindi natin siya kunikundina sa kaniyang ginawa; hindi natin siya kinukundina dahil sa kaniyang pangangalunya. Kinukundina natin siya dahil siya ay isang makasalanan. Kung siya isang Cristiano, hindi niya iyon gagawin. Tama. Kung siya ay binago na, hindi niya iyon gagawin. Ngunit dahil siya ay isang makasalanan, iyon ang nagbubunsod sa kaniya na gumawa niyon.

34 Diyan nabubuwal ang mga legalista. Opo. Kapatid, hayaan mong sabihin ko sa'yo, "Hindi sa mga gawa, kundi sa biyaya tayo naliligtas, at iyon ay sa pamamagitan ng pananampalataya." Opo. Ngayon, hindi ko kinukundina ang mga kapatid na legalista; sila'y mga kapatid ko. Sila'y mapaparoon tulad din ng iba, sapagkat itinalaga ng Diyos ang kaniyang iglesia na maparoon. Kaya lang kasi ginugulo n'yo ang isip ng mga tao; hindi nila alam kung ano ba talaga. "Ngayon, buweno, marahil kung a-ako'y…" Ipaalam n'yo lang sa kanila; hangga't mayroon silang pagnanasa sa sanglibutan, wala pa sila ro'n sa pasimula pa lamang.

35 Hindi ako nagtatapat sa aking maybahay dahil nag-aalala akong hihiwalayan niya ako. Nagtatapat ako sa kaniya dahil mahal ko siya. Legal ang tayong kinuha natin sa pagsasabing mahal natin ang isa't isa. Una, bago ito maparoon, dapat pag-ibig ito talaga. Mahal ko siya. Bagama't sa paniwala ko'y papatawarin niya ako 'pag ako'y nakagawa ng pagkakamali; hindi ko pa rin iyon gagawin. Mahal ko siya.

Ganun din kay Cristo. Kung aabot ako ng sinkuwenta anyos; kung aabot ako ng nobenta anyos o sandaang taong gulang, at mayroon pa akong limampung taon upang mangaral, pagkatapos ay hindi na ako nangaral kahit minsan, at pumaroon na lang ako sa tabing ilog, ligtas pa rin ako. Iniligtas Niya ako sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya, hindi dahil sa anumang maaari kong magawa o ginawa, o anupaman.

Nangangaral ako dahil mahal ko Siya, at mahal ko ang Kaniyang bayan. At ako'y… Iyon ang dahilan kaya alam kong lumipat na ako mula sa kamatayan patungo sa Buhay, sapagkat mahal ko sila, at inaabot ko sila. Anuman ang kundisyon nila; inaabot ko pa rin sila. Kinukuha ko pa rin sila, hinihila ko pa rin sila. Kung di sumasang-ayon ang mga ministro at ang iba pa, at ang mga denominasyon, hindi ako napipigilan niyon. Mayroong isang bagay… Hindi Siya napigilan niyon. Napasakalagitnaan Siya ng di pananampalataya, at iyon ay di nakapigil sa Kaniya; nagpatuloy Siya. Iyon ang ginagawa natin: humahayo tayo at sila'y kinukuha natin, hinuhuli pa rin natin. Kung kailangang abutin natin, hablutin natin, at hawakan natin nang buong higpit. Hindi mo alam kung sino sila. Iligtas n'yo sila. Iyon ay dahil sa pag-ibig. Hindi dahil kailangan kong gawin, kundi dahil ako ay nagmamahal, dahil kayo ay nagmamahal.

36 Sabi mo, "Dapat akong makipag-ayos sa babaeng iyon, ngunit seguro sa iyo muna ako makikipag-ayos ngayon din, dahil nagsisimba ako, kailangan ko itong ayusin." Hindi, ikaw muna ang dapat mag-ayos. Kita n'yo, kita n'yo? Kung wala kang pag-ibig ng Diyos sa puso mo, mayroon kung anong bagay na nagpapaalam sa iyo na ikaw ay mali, kung gayo'y humayo ka at ituwid mo ito sa Diyos. Pagkatapos ay makikipag-ayos ka rin sa iyong kapuwa.

Ganun din ang itinuro ni Jesus. Ang sabi Niya, "Kapag ikaw ay nagpunta sa altar, at doon ay naalala mong mayroon kang anumang laban sa iyong kapuwa o kapatid, ayusin mo muna iyon sa kaniya."

37 Ngayon… Ngayon sa mga kapanahunan na darating. Nung nakaraang Miyerkules ng gabi tinalakay natin "ang mga manipestasyon." Sasapuhin natin iyon ulit ngayong umaga, sa "manipestasyon ng mga anak ng Diyos," sa ibang salita, ang Diyos ay naghihintay. At sa huling araw kapag tumayo na tayong lahat sa harapan Niya… Ang mga anghel ay di naligaw. Hindi nila malalaman kung papaanong masiyahan sa mga pagpapala tulad natin; hindi sila kailanman naligaw. Ngunit alam ko ang pinanggalingan ko; alam ko ang batong pinagtabasan sa akin, isang makasalanan. Alam n'yo kung saan kayo tinabas. Ngayon, kapag nasumpungan na tayo, maaari na tayong makatayo sa harapan ng Diyos. Oh, magiging napakagandang araw niyon.

38 Pagkatapos ay ang pagkukupkop, pagpupuwesto… Ngayon, ang kabutihan ng Diyos ay nararapat gumana. At kung mapaparating ko ito ngayon sa inyo, magsisimula na tayo kaagad sa ika-5 talata, nais ko Itong basahin.

Na tayo'y itinalaga Niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesucristo sa ganang Kaniya, ayon sa minagaling ng Kaniyang kalooban,

Kalugud-lugod sa Diyos na gawin ang Kaniyang kalooban: pagkukupkop, pagpupuwesto. Ngayon, ano'ng ginagawa Niya? Ipinupuwesto Niya ang Kaniyang iglesia. Una, tinawag Niya ang Kaniyang iglesia, ang Methodist, Presbyterian, Lutheran, Baptist, tinawag Niya sila. Pagkatapos anong ginawa Niya? Isinugo ang Espiritu Santo at ibinigay sa kanila ang bautismo ng Espiritu Santo.

39 Nais kong alisin n'yo ito sa inyong puso, kayong mga Pentecostal. Ang Pentecostes ay isang karanasan. Ang Espiritu Santo ito. Hindi ito isang organisasyon. Hindi mo maaaring iorganisa ang Espiritu Santo. Hindi Niya ito papayagan. Ngayon, mayroon kayong organisasyong kung tawagin n'yo ay ganun, ngunit ang Espiritu Santo ay nagpatuloy at pagkatapos ay nanatili kayo sa kinaroroonan n'yo, samantalang Iyon ay sadyang nagpapatuloy sa pag-usad. Kita n'yo, kita n'yo? Ang Pentecostes ay hindi isang organisasyon. Ang Pentecostes ay isang karanasan.

40 Pagkatapos ay binigyan ng Diyos ang Kaniyang mga anak ng bagong kapanganakan sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo. Nakalapit sila Roon nang linisin nila ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng Nazarene, at Pilgrim Holiness. Pagkatapos ay dumating sila sa karanasan ng Pentecostes, ng bautismo ng Espiritu Santo, ang pagpapanumbalik ng mga kaloob. Humayo silang nagsasalita ng iba't ibang wika, at pinagkalooban ng mga kaloob ng pagpapagaling at mga himala; at nagsimulang lumakip sa kanila ang mga tanda at kababalaghan. Ngayon, mga anak na sila; mga anak sila ng Diyos. sila'y nakaposisyon na kay Cristo; naging mga anak sila sa pamamagitan ng kapanganakan. At ang bagong kapanganakan at ang mismong kumbersyon ay ang Espiritu Santo.

Ni hindi ka pa nakukumbert hanggang sa makuha mo ang Espiritu Santo. Iyon ang sabi ng Kasulatan. Sinabi iyon ni Jesus kay Pedro. Tanungin n'yo ang sinuman; basahin n'yo ang Kasulatan. Siya ay inaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya sa Panginoong Jesus, naging tagasunod, isang apostol. Ibinigay ni Jesus sa kaniya ang mga susi ng Kaharian. At sa Juan 17:17, pinabanal Niya sila at binigyan ng kapangyarihan, isinugo upang magpalayas ng mga demonyo at iba pa, pinabanal sila. "Pakabanalin Mo sila, Ama, sa pamamagitan ng Iyong Katotohanan. Ang Salita Mo ang Katotohanan. Pinabanal Ko ang Aking Sarili dahil sa kanila."

41 Iyon ang pinakamatamis na mga salitang narinig ko. "Ama, pinababanal Ko ang Aking Sarili dahil sa kanila." Alam n'yo bang may karapatan Siyang magkaroon ng tahanan? Siya ay isang tao. Alam n'yo bang may karapatan Siyang magkaroon ng asawa? Siya ay isang tao. May karapatan Siya sa lahat ng mga bagay na ito, ngunit ang sabi Niya, "Ama, pinababanal Ko ang Aking Sarili para sa kanilang kapakanan.

Pinababanal ko ang Aking Sarili."

42 Kausap ko ang isang mangangaral kahapon: mangangaral ako para sa kaniya makaraan ang ilang gabi dito sa may highway. At tinanong ko siya tungkol sa isang bagay, ang sabi niya, "Oo, Brother Branham, ngunit karamihan sa mga tao ko ay di naniniwala riyan."

Ang sabi ko, "Halos lahat sila ay mga legalista?"

"Oo." Ang kapatid na iyon ay di naniniwla ro'n. Ngunit ang sabi niya, "Para sa kanilang kapakanan…" Oh, gusto ko sana siyang yakapin. "Para sa kanilang kapakanan (Kita n'yo?), pinababanal ko ang aking sarili para sa kanilang kapakanan."

43 Oh, nagsanay si Jesus ng labindalawang lalaki, upang sa pamamagitan ng labindalawang iyon ay maihatid ang Ebanghelyo sa buong mundo. At sabi Niya, "Para sa kanilang kapakanan ay pinababanal Ko ang Aking Sarili." Gawin n'yo iyon para sa kapakanan ng inyong kapuwa, para sa ibang tao." Huwag n'yong gamitin ang inyong kalayaan bilang pantakip," ang sabi ni Pablo, "kundi pakabanalin n'yo ang inyong sarili." Mag-asal kayo ng maayos sa kapitbahayan, tulad ng dapat gawin ng isang tunay na Cristiano. Hayaan n'yong ang pag-uusap n'yo ay maging… Kapag nakasalubong mo ang iyong kaaway, pabanalin mo ang iyong sarili para sa kaniya, dahil di mo alam kung anong maaari mong magawa.

44 Ngayon, pagpupuwesto ng anak. Una, kapag nakapasok na ang anak, anak na siya, ngunit makikita natin na ang asal niya ang maglalagay sa kaniya sa pagkakupkop, kung nag-asal ba siya nang maayos o hindi.

At ang Pentecostal… Ngayon, hayaan n'yo lang na ipakita ko sa inyo na ang Pentecostes ay hindi isang denominasyon. Ilang Baptist bang naririto ang Baptist na nakatanggap ng Espiritu Santo, tignan natin ang inyong kamay. Kita n'yo? Ilang Methodist na naririto ang nakatanggap ng Espiritu Santo, itaas n'yo ang inyong kamay. Ilang Nazarene na naririto ang nakatanggap ng Espiritu Santo, itaas n'yo ang inyong kamay. Presbyterian na nakatanggap ng Espiritu Santo (Kita n'yo?), Lutheran, ibang mga denominasyon na di kabilang sa Pentecostes, bastat kabilang lang sa isang denominasyon, na tumanggap ng Espiritu Santo, tignan natin ang inyong kamay. Kita n'yo? Kung gayon ang Pentecostes ay hindi isang denominasyon; ito'y isang karanasan.

45 Ngayon, ang Diyos ang nagpasok sa inyo sa Katawan ni Cristo. Ngayon, anong ginagawa Niya? Matapos na mapatunayan mo ang iyong sarili, pinabanal mo ang iyong sarili sa pamamagitan ng iyong mabuting pag-uugali, naging masunurin ka sa Espiritu Santo, anuman ang sabihin ng sanlibutan.

46 Ikukuskos ko ito nang madiin na madiin (Kita n'yo?), sapagkat ayaw kong maging magaspang. A-ako'y… Pakiusap huwag na huwag. Kita n'yo? Huwag na huwag n'yong isiping malupit ako. Ayaw kong magkagayon. Ang inaalala ko ay ang pagkatapos kong ipangaral sa mga tao ang Katotohang ito na galing sa Diyos, sila'y tumalikod at ipagpatuloy ang dati nilang ginagawa, at pagkatapos ay sasabihin nilang natanggap nila ang Espiritu Santo. Iyan ay halos sumira sa inyo. Kita n'yo? Anong problema? Nagbabalik sila sa dating mga bagay, tulad ng mga Israelita, naghangad sila ng isang hari upang makapaghari sa kanila at paastahin silang tulad ng mga Amoreo at Amelecita at ng mga Filisteo.

47 Alam n'yo ba, mga kababaihan, na maling magsuot ng pantalon? Alam n'yo ba 'yon? Alam n'yo bang hindi tamang gupitin ang inyong buhok? Alam n'yo bang hindi tama, mister, na magpatuloy na manigarilyo at umasta nang tulad ng ginagawa mo? Alam mo bang hindi tamang di ka nagpapakalalaki sa iyong bahay, kapag nabugnot ang iyong maybahay ay sinisipa ka palabas ng pintuan, at ang sinasabi mo, "Oo, pagpalain ang puso mo, honey, babalik din ako kaagad"? Alam n'yo ba… Papaano ka magiging mapagmalasakit sa bahay ng Diyos samantalang di mo mapamahalaan ang iyong sariling sambahayan? Tama nga iyon. Alam n'yo ba, sister, na ang asawa mong lalaki ay di mo lang asawa, kundi siya ay iyong tagapamuno? Ganun ang sabi ng Diyos. Sapagkat ang asawang lalaki ay hindi nadaya, ang babae ang nadaya. At kayo namang mga mangangaral ay patuloy pa ring ginagawang mga pastor ang mga kababaihan sa inyong mga iglesia, samantalang alam n'yong kinukundina ito ng Salita ng Diyos.

48 Magpapatuloy kayong gumamit ng pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo" sa pagbabautismo, samanatalang walang katiting mang Kasulatan para dito sa Biblia. Nais kong ipakita sa akin ng isang obispo o ng sinuman sa Biblia na mayroong nabautismuhan sa ngalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo." Nais kong may magpakita sa akin na may sinumang nabautismuhan sa alinmang paraan maliban sa Ngalan ni Jesus. Ngunit si Juan ay hindi nabautismuhan… Sila'y nabautismuhan na sumasampalatayang Siya ay parating, ngunit hindi nila alam kung sino Siya. Ngunit nung sandaling napagkilala nila iyon, kinailangan nilang magpabautismo muli sa Ngalan ni Jesus Cristo. Nais kong mayroong… Hinilingan ko ang Assemblies of God, ang iba pang mga mangangaral, ang Baptist, Presbyterian, at lahat na, ayaw nilang magsalita tungkol dito. Nais kong makita ang Kasulatan.

At pagkatapos ako ay isang panatiko ha? At nasisiraan ako, wala sa kaisipan, nababaliw, dahil lang sinisikap kong sabihin sa inyo ang Katotohanan? Ngayon, tapat 'yan, mga kapatid. Kung ang isang tao ay

kumbinsido sa Diyos, dapat lubos-lubusan ka nang makumbinsi. Ika'y nakabukod na; ika'y iba nang nilikha.

49 Marami ang tinawag, kaunti ang pinili. Oo, maraming tao ang tinawag, nakatatanggap ka ng tawag sa iyong puso,"Oo, naniniwala akong mahal ako ng Diyos. Naniniwala akong mahal Niya ako."

Ngunit, kapatid, mapapahamak ka rin tulad ng iba pa sa kanila, sapagkat darating sila sa araw na iyon, na nagsasabi pa nga ng, "Panginoon, nagpalayas ako ng mga demonyo sa Iyong Pangalan. Gumawa ako ng lahat ng iba pang bagay sa Iyong Pangalan. Nagdaos ako ng mga healing service. Nangaral ako ng Ebanghelyo. Nagpalayas ako ng mga demonyo."

At sasabihin ni Jesus, "Lumayo kayo rito, hindi Ko kayo nakikilala, mga mapag-imbabaw. Ang papasok ay ang tumutupad ng kalooban ng Aking Ama." Bakit di n'yo ito makita? Ngayon, alam kong kumakayod iyan sa atin. At hindi ko nais na makasakit. Hindi ko layong magkaganun. Ngunit, kapatid, ako'y…

50 Sa tingin ko'y nasa huling panahon na tayo, at ang Diyos ay nagkukupkop na, nagpupuwesto na sa tamang lugar sa iglesia, sa Katawan ni Cristo, ang Kaniyang… Ngayon, hindi masyadong marami ang ilalagay Niya ro'n. sasabihin ko na 'yan sa inyo sa pasimula pa lamang. Buweno, sasabihin mo, "Oh, buweno, magkakaroon ba ng ganun kalaking bilang?" Ngunit nakagugol na rin Siya ng anim na libong taon sa paghugot sa kanila. Alalahanin n'yo, pagdating ng pagkabuhay na muli, maaagaw tayong kasama nila. Ilan lang sa kanila… Kita n'yo? Hanapin mo ang iyong kaligtasan nang mabilis. Suriin mo ang nang lubusan ang iyong sarili at tignan mo kung ano ang namali. Kita n'yo? Kita n'yo kung ano talaga ang problema. Alam kong matigas 'yon, ngunit, kapatid, iyon ang katotohanan. Katotohanan iyon ng Diyos. pagkukupkop…

51 Dapat tayong mag-alab para sa Diyos; dapat ay di tayo tumigil araw at gabi. Wala dapat makapigil sa atin, at dapat maging napakagiliw natin, at kalugod-lugod, at napakabait, katulad na katulad ni Cristo sa ating mga buhay. Kailangan ang pang-araw-araw na buhay. Ang sabi ni Jesus, "Wariin ninyo ang lirio sa parang, kung papaanong lumalaki, nagpapagal at nagsusulid; ngunit sinasabi Ko sa inyo na si Solomon sa buong kaluwalhatian niya ay di nagayakan ng gayon." Si Solomon ay may mga balabal na nagagayakan ng maluluwalhating seda at burda at iba pa, ngunit hindi iyon ang tinutukoy Niya. Upang tumubo ang isang lirio kailangan nitong magpagal araw at gabi. Ano'ng ipinipila n'yo sa dulo ng hanay na ito? Kung kakaunti lang ang maliligtas sa matutuwid, saan paroroon ang makasalanan (Iyon ang di mananampalataya.) at ang masama, ang taong nakaririnig ng Salita at tumatangging lakaran ito? Ngayon, anong gagawin natin? Kita n'yo? Ngayon, iyon…

52 Kanilang-iglesia natin ito. Marahil mayroon tayong apat o limang estranghero sa ating kalagitnaan. Ngunit ito ang iglesia. Tinuturuan ko kayo. Ito ay mailalagay sa mga tape. Nais kong alalahanin ng mga taong nakikinig sa mga tape, na ito ay para sa aking iglesia. Doon sa mga tao sa labas, sinisikap kong maging maginoo sa pagsasabi sa kanila upang-upang masabayan ko sila sa kanilang pagiging bata sa kanilang mumunting mga ideyang gatas. Ngunit pagdating sa tunay na paglalatag ng katotohanan, ilatag natin ito talaga.

53 Pagkukupkop, pagpupuwesto sa tamang lugar… Nasaan sila? Ipakita n'yo sa akin kung nasaan sila? Ibinubukod ng Diyos ang Kaniyang mga anak sa pamamagitan ng manipestasyon, hindi nila kailangang magsambit ng isa mang salita tungkol dito; makikita mong mayroong nangyari. Ipinupuwesto Niya sa tamang lugar ang Kaniyang anak, isinasaayos siya sa pamamagitan ng mga bagay ding iyon. At mayroon siyang kasinglaking kapamahalaan; ang kaniyang mga salita ay tulad ng sa isang Arkanghel: mas higit pa. Ang anak ay kinupkop, inilagay sa isang mataas na dako, nakapuwesto ro'n, pinalitan ng balabal, nagpalit ng kaniyang mga kulay. Nagdaos ng isang seremonya ang ama, ang sabi, "Ito ang Aking anak; magmula ngayon siya ay gobernador na. Siya ang tagapamuno. Siya ang namamahala sa lahat ng aking pag-aari. Lahat ng mayroon ako ay sa kaniya na rin." Tama.

54 At maaari nating balikan ang Elah, Elah, Elohim, Elohim na iyon (Kita n'yo?), kung saan ay nabubuhay Siyang mag-isa. At pagkatapos ay bumalik tayo kay Jehova na gumawa ng isang bagay; binigyan Niya ng dominyon ang tao sa lupa. Anong hinihintay natin? Ang manipestasyon. Ang mundo ay dumadaing. Puntahan natin ito at ating basahin. Sige.

… itinalaga… sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan… ganang Kaniya, ayon sa minagaling ng Kaniyang kalooban,

Sa ikapupuri-sa ikapupuri ng kaluwalhatian ng Kaniyang biyaya,…

Ano ang Kaniyang biyaya? Dati, hindi pa Siya Ama. Sa Kaniyang biyaya, sa Kaniyang pag-ibig, ginawa Niyang anak ang Kaniyang Sarili, upang tayo ay maitalaga sa pagkukupkop ng mga anak, sa kapurihan ng Kaniyang biyaya. Kita n'yo?

… na sa atin ay ipinagkaloob na masagana sa (Persona)… Minamahal, na walang iba kundi si Cristo.

Tinanggap tayo papaano? Sa pamamagitan Niya. Papaano tayo nakapapasok sa Kaniya? Sa pamamagitan ng isang Espiritu, tayong lahat ay nabautismuhan papasok sa Kaniya. Makinig kayo.

Na sa Kaniya'y mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng Kaniyang dugo, na kapatawaran ng… (mga k-a-s-a-l-a-n-a-n…)

55 Papaano mo maipapangaral ang predestinasyon ng Diyos, pagtatalaga at pagpupuwesto, malibang may katubusan sa kasalanan? Bakit ba sa bawat araw ay nakagagawa ka ng pagkakamali, bawat araw ay nagkakamali ka? Ngunit kung ika'y isinilang na muli, lalaki ka man o babae, sa sandaling magkamali ka, alam ng Diyos na ikanalulungkot mo iyon. Maaari kang tumayo sa Presensya ng-ng Pangulong Roosevelt o ng sinupamang iba at magsabi, "Mali ako; patawarin ako ng Diyos sa bagay na ito." Bakit? At diyan ang Dugong pantubos…

Napansin n'yo ba ang m-g-a k-a-s-a-l-a-n-a-n. Ang isang makasalanan ay makasalanan; hindi siya gumagawa ng kasalanan. Ngunit ang iglesia ang nakagagawa ng kasalanan, nagkakamali, nagkakaroon ng maling kaisipan, maling impresyon, nag-aalangan, gumigewang tulad ng isang maliit na batang naglalakad, na sumusubok na matutong lumakad. Sadyang di pa niya alam kung papaanong lumakad mabuti, sapagkat siya'y isang maliit pang bata. Ngunit mayroong isang kamay na umaabot sa atin-kinukuha tayo at ipinipirmi tayo, at nagsasabing, "Ganito mo gawin ang hakbang na ito, anak." Hindi Niya tayo dinadampot at sinasampal dahil nakagawa tayo ng pagkakamali; hindi Niya tayo binubugbog nang husto dahil sumusubok tayong maglakad. Mahal Niya tayo kung papaanong mahal natin ang ating mga anak.

56 Di papaluin ng isang totoong tunay na tatay ang kaniyang anak kapag sinusubukan niyang lumakad, tapos ay natumba siya sa sahig. Aabutin niya siya sa pamamagitan ng isang malaki at malakas na kamay upang siya ay itayo, kukunin ang magkabilang kamay, at magsasabing, "Ganito mo dapat iyon gawin, anak. Lumakad ka nang ganito."

Ganiyan ang ginagawa Niya sa Kaniyang iglesia: inaabot siya at kinakarga sa Kaniyang bisig, dinadampot siya, at sinasabing, "Lumakad ka nang ganito. Naririto, huwag kang magsalita ng ganiyan; ganito mo sabihin. Ngayon, hindi mahalaga sa akin kung anong sinasabi ng iglesia, kung anong sinasabi ng ganito, o ng ganiyan, ganito mo sabihin…?..." Ganito, ganito iyon. "Ipinangangaral ito ng Aking Salita, manatili ka Ro'n, lakaran mo Iyon. Manatili ka Ro'n. Di mahalaga sa Akin kung anong sinasabi ng sinupaman, manatili ka Ro'n. Lumakad ka nang ganito. Ganito mo gawin ang iyong mga hakbang."

57 Ang ating mga kasalanan; isang pantubos, pag-ibig dahil sa mga kasalanan natin, disin sana'y di tayo magkakaroon ng pagkakataon. Lubos tayong makaaangkla sa mga Salitang iyon.

… ayon sa mga kayamanan ng Kaniyang biyaya;

Na pinasagana Niya sa atin (Ano ang "pinasagana"? Ay, naku.)… Na pinasagana Niya… (Malalaking bunton niyon)… pinasagana Niya sa atin sa buong karunungan at katalinuhan;…

Katalinuhan, buong karunungang pinasagana Niya sa atin na may buong karunungan, hindi makasanlibutan. Ang karunungan ng sanlibutan ay kamangmangan sa Kaniya, at ang karunungan ng Diyos ay kamangmangan sa sanlibutan. Parang araw at gabi, di makasang-ayon sa isa't isa. Ngunit pag sumikat na ang araw at dumating na ang araw, nagpapangalat ang gabi sa lahat ng dako.

At kapag dumating na ang Liwanag ng Ebanghelyo, lahat ng mga bagay ng sanlibutan ay sadyang naglalaho at anong ginagawa nito? Pinasasagana Niya ang sikat ng araw sa Kaniyang mga anak, na lumalakad sa Espiritu, pinangungunahan ng Espiritu ng Diyos, sumasagana sa Kaniyang biyaya nang buong katalinuhan, at karunungan, pagkaunawa, at kapantasan upang malaman kung papaanong lumakad. Nakikita n'yong ito ay mali; kung gayo'y mag-ingat kayo kung papaano n'yo ito lalapitan: singdunong ng serpente, sing-amo ng kalapati. Iyon ang sabi ni Jesus.

58 Oh, ang mga ito'y gintong butil, mga kaibigan. Maaari tayong manatili dito ng maraming araw. Hindi ba't napakaganda ng mga ito? Ang katalinuhan, at karunungan ay pinanagana Niya sa atin: ibinuhos, hindi tayo binigyan ng isang kutsara, ngunit kumuha Siya ng malaking sandok ng pala at tuloy-tuloy na ibinato nang ganun: sumagana sa atin, sa karunungan na may katalinuhan ng Kaniyang biyaya. Oh, kamangha-manghang biyaya! Napakatamis pakinggan. Ngayon…

Na pinasagana Niya sa atin sa buong karunungan at katalinuhan;

Na ipinakikilala Niya sa atin ang hiwaga ng Kaniyang kalooban,…

Sinong kinakausap Niya? Mga denominasyon? Pakiusap, mga kapatid, huwag n'yong isiping hinahamak ko ang inyong denominasyon; hindi. Sinisikap kong sabihin sa inyong mali iyon sa simula pa lamang. Ang sabi ni Jesus, "Humayo kayo, at ipangaral ang Ebanghelyo." Humayo tayo at gumawa ng mga denominasyon. Iyon ang dahilan kaya di natin iyon taglay. Lumalakad tayo ayon sa karunungan ng tao.

Kung makababangon lang si Calvin…

59 Aba'y, tumayo ako di pa katagalan sa tabi ng libingan ng isang dakilang lalaki, isang dakilang reformer. At naisip ko kung gaano siya kadakilang tao. Siya nga. Buweno, iyon… hindi… Iyon ay si John Wesley. At naisip ko, kung makababangon lang si John Wesley sa libingang ito ngayon at makikita ang kalagayan ng kaniyang iglesia, ikahihiya niya ang kaniyang pangalan. Si John Wesley ay isang makadiyos na lalaki, isang hinablot na pamparingas, tulad ng bansag niya. Si John Wesley ay isang banal na tao na sumampalataya sa Diyos at sumunod sa Kaniya sa bawat hakbang. Ngunit pagkatapos na mamatay si John, ang sabi nila, "Ipagtatatag natin ng isang iglesia si John, at tatawagin natin iyong Methodist church dahil sa pamamaraan niya ng kabanalan bilang ikalawang gawa ng biyaya."

Nagtatag sila ng isang iglesia, at sa araw na ito ang mga kalalakihan ng simbahang iyon ay tumatanggi sa lahat ng pinanindigan ni John Wesley. Si John Wesley ay nangaral ng Divine healing. Si John Wesley ay naniwala sa bautismo ng Espiritu. Si John Wesley ay naniwala sa lahat ng panunumbalik ng mga kaloob. Sina Wesley, Martin Luther, marami sa mga dakilang kalalakihang iyon ay nagsalita ng iba't ibang wika at nagpaliwanag. At sa araw na ito kapag nagsalita ka ng iba't ibang wika sa isang simbahang Methodist o isang simbahang Lutheran, sisipain ka nila palabas ng pintuan. Anong nangyari? Sa panahong dapat ay nagpupuwesto na tayo ng mga anak, anong nangyayari? May iba silang sinunod, sapagkat hindi nila alam ang hiwaga ng Diyos. At hindi nila Iyon malalaman sa pamamagitan ng seminaryo.

60 Hayaan n'yong basahin ko ang isang bagay sa inyo. Ayos lang ba? Sige. Buklatin natin ngayon; mayroon akong isinulat dito. Alamin natin kung papaanong si Pablo… Ngayon, narito ang guro ng mensaheng ito. Magpunta tayo sandali sa Mga Gawa 9:5.

[Patlang sa tape-Ed.] Ipaalam n'yo sa akin kapag ako'y wala na…?...

Datapuwa't si Saulo, na sumisilakbo pa ng mga pagbabanta… (Oh, ang buknutin at malupit na Judiong iyon na may ilong na parang tuka ng loro,) at pagpatay laban sa mga alagad ng Panginoon, ay naparoon sa dakilang saserdote.

At humingi sa kaniya ng mga sulat sa Damasco sa mga sinagoga, upang kung siya'y makasumpong ng sinoman…

"Hahanapin ko sila. Kung makikita ko lang sila, naku, ano kayang gagawin ko sa kanila (Kita n'yo?) kung makikita ko lang sila." Ngunit siya ay predestinado.

61 Malay mong di predestinado sa buhay ang mangangalakal ng alak na iyon? Malay mo na ang bayarang babaeng iyon na ayaw mo man lang kausapin, malay mo kung pagkatapos mo siyang kamayan at imibitahan sa iglesia, na di siya maging isang banal ng Diyos sa kaluwalhatian kasama ng… Papaano mo malalamang hindi siya ganun? Iyon ang di natin alam. Ngunit iyon ang ating katungkulan. Tulad ng isang mangingisdang naghulog ng lambat sa dagat at sa paghatak niya, nakahuli siya ng mga palaka, isda, butiki, gagambang tubig, at lahat na; ngunit ang ilan sa mga ito ay isda. Hindi niya alam; basta't inihulog niya lang ang lambat. Iyon ang ginagawa natin. Masdan n'yo si Pablo.

… na humihingi sa kaniya ng mga sulat sa Damsco sa mga sinagoga, upang kung siya'y makasumpong ng sinoman sa mga nasa Daan, maging mga lalake o mga babae, ay kaniya silang madalang gapos sa Jerusalem. (Kapatid, talagang malupit siya.)

At sa kaniyang paglalakad, ay nangyari na siya'y malapit sa Damasco: at pagdaka'y nagliwanag sa palibot niya...

May dumating na isang saserdote sa daan, si Doctor F. F. Jones, at nagsabi sa kaniya, "Kailangan mo ng karanasan sa seminaryo, anak, at naniniwala akong maaari kang gamitin ng Diyos"? Hindi ba't magiging napakapangit-tignang Kasulatan niyan kung babasahin mo nang ganiyan? Ngayon, iyon ay singsaysay ng... Hindi ko sinasabi 'yan bilang isang biro. Iyan ay nangungusap, ganiyan din ang nauunawaan natin sa mga naririnig natin sa araw na ito. "Alam mo, ang ina mo ay isang mabuting babae; wari ko'y magiging mahusay kang mangangaral."

62 Masdan n'yo kung anong nangyari.

At-at sa kaniyang paglalakad, ay nangyari na siya'y malapit sa Damasco: at pagdaka'y nagliwanag sa palibot niya ang isang ilaw… (Hoo, supernatural ang simula)… isang ilaw mula sa langit.

At siya'y nasubasob sa lupa, at nakarinig ng isang tinig na sa kaniya'y nagsasabi… Saulo, Saulo, bakit mo Ako pinaguusig?

At sinabi niya, Sino ka baga, Panginoon? At sinabi Niya, Ako'y si Jesus na iyong pinaguusig: mahirap sa iyong sumipa sa matulis.

At sa kaniyang panginginig at pagkamangha ay sinabi niya, Panginoon, ano'ng nais mong ipagawa sa akin? At sinabi ng Panginoon sa kaniya, Magtindig ka, at ikaw ay pumasok sa bayan, at sasalitain sa iyo ang dapat mong gawin.

63 At ang mga taong kasama niya sa paglalakad, ay nagpatuloy...

At nakasumpong sila ng isang lalaki, si Ananias, na nakakita ng isang pangitain. At si Saul, ang malupit na lalaking iyon… Nakakita ang Ananias na ito ng isang pangitain, pagtingin niya sa kaniyang bahay. Siya ay isang propeta, nananalanging sa loob ng kaniyang bahay, pagkatapos ay nakakita siya ng isang pangitain. Siya… Ang Panginoon ay nangusap sa kaniya at nagsabi, "May isang lalaking paparating sa daan; ganap siyang bulag, at ang ngalan niya ay Saul; siya'y si Saul ng Tarsus."

Ang sabi niya, "Panginoon, may mga dakilang bagay akong narinig. Huwag ako ang isugo mo; isa akong abang tao lamang. Huwag ako ang papuntahin mo sa kaniya."

Ang sabi Niya, "Ngunit, narito, nasa daan na siya, nagpakita ako sa kaniya ng isang pangitain. Nagpakita Ako sa kaniya sa anyo ng Haliging Apoy. Binulag Ko siya nang husto. At kinailangan Ko siyang bulagin at pahirapan nang husto bago Ako makakuha ng paggagamitan sa kaniya. Kita mo, kinailangan Kong pilasin ang lahat ng kanyang teolohiya. Alam mo na isa siyang dakilang tao sa isa sa mga iglesiang naroroon. Lahat ng klase ng degree ay mayroon siya; hindi niya kailangang pag-igihin ang anuman. Ngunit," ang sabi Niya, "ang kinailangan Kong gawin ay ang alisin lahat ng iyon sa kaniya."

64 Iyon nga 'yon. Hindi kailangang magpasok ng maidadagdag sa kaniya, kundi tanggalin iyon sa kaniya. Sa palagay ko'y iyan ang problema sa maraming mga ministro sa araw na ito, kailangang basyuhin sila upang maipasok ng Diyos sa kanila ang Espiritu Santo. Tanggalin… Ang sabi niya ro'n… At sabi niya, "Panginoon, ngunit ang lalaking ito ay isang nakatatakot na tao."

Ang sabi Niya, "Ngunit, narito, siya ay nananalangin. Ngayon, bagtasin mo ang ganitong kalye at makakarating ka sa isang bukal. Lampasan mo ang bukal na iyon sa kaliwa, at bumaba ka. Mayroong puting bahay, lumapit ka, at kumatok sa pinto. Nakahiga lang siya sa bulwagan; hanggang doon lang nila siya naihatid."

"Ipatong mo ang iyong kamay sa kaniya; dalhin mo siya sa ilog ng Damasco; at bautismuhan mo siya sa Ngalan ni Jesus. Sapagkat sasabihin ko sa'yo kung anong gagawin Ko, kakailanganin niyang magbata ng maraming bagay dahil sa Akin, sapagkat siya ang Mensahero ko sa mga Hentil." Amen.

65 "Buweno ngayon, sandali lang, Panginoon! Ngayon, anong iskuwelahan ba ang ipapayo ko?" Sasabihin ko sa inyo kung anong gagawin natin, basahin natin ang Mga Taga Galacia at alamin natin, pabalik lang ng isang kabanata. Hanapin natin ang Mga Taga Galacia 1 at simulan natin sa ika-10 talata, at tignan natin kung saang iskuwelahan nagpunta si Pablo, aling seminaryo, at kaninong mga kamay ang ipinatong sa kaniya, at oh, lahat ng naganap. Unang kabanata ng Mga Taga Galacia, para makatipid tayo ng panahon, simulan natin ang tungkol sa kaniyang kumberyon, sa ika-10 talata.

Sapagka't ako baga'y nanghihikayat ngayon sa mga tao o sa Dios? O ako baga'y nagsisikap na magbigay-lugod sa mga tao? Kung ako'y nagbibigay-lugod pa sa mga tao, ay hindi ako magiging alipin ni Cristo.

Ay, naku, naku, naku. Maaari bang magsalita ako ng kaunti bago ito: Mga Taga Galacia 1, kunin natin ang ika-8 kabanata. Ilan ang nakaaalam na si Pablo ang nag-utos sa mga taong iyon na magpabautismo ulit sa Ngalan ni Jesus: Mga Gawa 19? Siya nga. Kunin natin ang bandang itaas nito, ang ika-8-ika-8 talata.

Datapuwa't kahima't kami, o isang anghel na mula sa langit, ang mangaral sa inyo ng anomang evangelio na iba sa aming ipinangaral sa inyo, ay matakuwil…?...

Saan mo nakuha ang evangeliong ito, Pablo? Sa ika-9 na talata.

Ayon sa aming sinabi nang una, ay muling gayon ang aking sinasabi ngayon, Kung ang sinoman ay mangaral sa inyo na anomang evangelio na iba kay sa inyong tinanggap na, ay matakuwil.

Maging isa man siyang arkanghel, o isang obispo, kung siya man ay isang tagapangasiwa, kung siya ma'y si Doctor Ganito-at-ganiyan, sinuman siya, kung hindi niya ipinangangaral ang bautismo sa tubig sa Ngalan ni Jesus Cristo, ang bautismo ng Espiritu Santo, hindi niya ipinangangaral ang panunumbalik ng mga kaloob, ang pagdating ni Cristo, ang lahat ng mga bagay na ito, siya ay masumpa. Kapag sinubukang niyang kunin ang alin mang Salita nito at sabihing ito ay para sa ibang panahon at ilagay ito sa isang bagong walang kabuluhang ideyang natutunan natin sa isang seminaryo, siya ay matakuwil.

66 Ipagpatuloy natin ang pagbasa, tignan natin kung saan ito nakuha ni Pablo, tignan natin kung papaano-kung ano ang sinisikap kong sabihin sa inyo ngayong umaga.

Sapagka't ako baga'y nanghihikayat ngayon sa mga tao o sa Dios? O ako baga'y nagsisikap na magbigay-lugod sa mga tao? Kung ako'y nagbibigay-lugod pa sa mga tao, ay hindi ako magiging alipin ni Cristo.

Papaano ako makaaasa ng anuman, papaano magagawang umasa ng isang lalaking umiibig sa Diyos, at isang mangangaral, lalo na, kundi ang kamuhian ng mga tao? Kamumuhian kayo ng mga tao. Buweno, ang sabi nila… Ang sabi ni Jesus, "Kung tinatawag nila Ako, na Panginoon ng sambahayan… Ako ang Panginoon, ang pinakadakila sa inyong lahat. Akong nakagagawa ng higit na maraming mga himala at lalong higit pa sa pamamagitan ng Espiritu Santo kaysa sa lahat sa inyo, dahil taglay ko sa Akin ang buong Kapuspusan. At kung tinawag nila akong Beelzebub, lalo pa kayo?"

Ngunit ang sabi Niya, "Huwag n'yong isipin kung anong sasabihin n'yo, dahil hindi kayo ang mangungusap; ang Amang nananahan sa inyo ang magsasalita sa panahong iyon. Manatili lang kayo sa Salita." At Siya… Nang matapos na niyang isulat ng Aklat, ang sabi Niya, "Ang sinumang magbawas ng isang Salita sa Aklat na ito o magdagdag ng isang Salita Dito, ay aalisin sa Aklat ng Buhay." Tulungan nawa tayo ng Diyos na manatili Dito.

67 Ngayon, ang kasunod na talata, hayaan n'yong basahin ko nang mabilis.

Sapagka't aking ipinatatalastas… (Iyon ay pinahahatol kayo.) sa inyo, mga kapatid, tungkol sa evangelio na aking ipinangaral, na ito'y hindi ayon sa tao…

Sapagka't hindi ko tinanggap ito sa tao, ni itinuro man sa akin,…

"Hindi ko iyon tinanggap sa tao, o sa anumang seminary, o kanino mang duktor, o kanino mang divinity, o sa alinmang iskuwelahan. Hindi ko ito natanggap sa gayong paraan. Hindi ito itinuro sa akin sa gayong paraan. Hindi ko ito nasumpungan sa gayong paraan. Hindi ito dumating sa akin sa gayong paraan." Papaano ito dumating kung gayon, Pablo?

… kundi aking tinanggap sa pamamagitan ng pahayag ni Jesuscristo.

"Nang ipahayag sa akin ni Cristo ang Kaniyang Sarili, na Siya ang Anak ng Diyos, nang babaan ako ng Haliging Apoy nung araw na iyon, ang sabi ko, 'Sino ka baga, Panginoon?' Ang sabi Niya, 'Ako'y si Jesus.'"

68 Ngayon, tignan n'yo. Ipapakita ko sa inyo kung ano'ng nangyari sa kaniya. Ngayon, sa panahong ito kung ang isang tao ay nagkaroon ng karanasan, nais nilang bigyan siya ng sampung taon upang mag-aral ng Griego, at sampung taon pa upang mag-aral ng iba pa, at pagdating ng panahong iyon pumanaw na siya. Tignan n'yo…

… hindi ko ito tinanggap sa tao, ni itinuro man sa akin, kundi aking tinanggap sa pamamagitan ng pahayag ni Jesuscristo.

Sapagka't inyong nabalitaan ang aking pamumuhay nang nakaraang panahon sa relihion ng mga Judio,…

"Isa akong dakilang duktor dati, naku. Bigatin ako." Siya ay tinuruan sa ilalim ni Gamaliel, ang pinakamagaling na gurong mayroon sila sa lupain. Ilan ang nakaalam na si Gamaliel ay isa sa mga pinakadakilang guro dati? Opo. "Kabisadong-kabisado ko ang relihiyon kong Judio; alam na alam ko kung papaanong sasambitin ang Apostles' Creed at lahat ng mga bagay na iyon. Nakikita n'yo ba? Kabisado kong sambitin lahat ng pang-umagang mga panalangin at kung papaanong basbasan ang mga tao." Kita n'yo?

… kung paanong aking inusig na malabis, at nilipol ang iglesia ng Dios: (Ganun ko na lang sinikap na pigilan ang lupon na iyon ng mga holy-roller. Kita n'yo, kita n'yo?)

At ako'y nangunguna sa relihion ng mga Judio…

"Isa akong dakilang tao dati. Naku, talagang ako'y… Nakinabang ako; ipinakita ko sa kanila na kaya ko silang durugin, dahil pinatay ko si Esteban at marami pang ibang mga bagay akong ginawa. Kita n'yo kung paano ko iyon ginawa." Kung paanong nang-usig siya nang malabis.

69 … ako'y nangunguna sa relihion ng mga Judio ng higit kay sa marami sa aking mga kasing gulang sa aking mga kababayan, palibhasa'y totoong masikap ako sa mga sali't-saling sabi ng aking mga magulang.

Ngayon, tandaan n'yo, hindi Salita ng Diyos, "tradisyon ng mga magulang," tradisyon ng iglesia, sa ibang salita. "Sa wari ko'y isa akong Methodist dati sa kaibuturan ng aking puso; isa akong Baptist dati sa kaibutaran ng aking puso; isa akong Pentecostal dati sa kaibuturan ng aking puso." Oh, ganun ba kayo? Nais kong maging Diyos sa kaibuturan ng aking puso. Oo, ganun nga. Kita n'yo? Kita n'yo? Tama.

… mga sali't-saling sabi ng aking mga magulang.

Ngunit nang magalingin ng Dios,… (Oh, oh, Pablo, heto ka na.) na siyang sa akin ay nagbukod, buhat pa sa tiyan ng aking ina, at ako'y tawagin sa pamamagitan ng kaniyang biyaya,

Na ihayag ang Kaniyang Anak sa akin,…

Paano iyon? "Ang Espiritu Santong nasa sa akin... Kinalugod ng Diyos na kunin ako, na nagbukod sa akin mula pa sa sinapupunan, at ibinigay sa akin ang Anak (na walang iba kundi ang Espiritu Santo na nasa anyo ng Espiritu), upang ipahayag ang Kaniyang Sarili sa akin." Ay, naku. Hoo. Wari ko'y gusto kong sumigaw ng kaunti.

70 Tignan n'yo, hayaan n'yong sabihin ko sa iyo, kapatid. Nang ikalugod ng Diyos... Oh, aleluia. Nang ikalugod ng Diyos... Ang ama ay lasenggo, ang ina'y... Pagpalain ka ng Diyos, nay, wala akong sinasabing laban sa inyo. Ngunit isang ina na walang kamalay-malay tungkol sa Diyos. At isang amang humihiga nang lasing sa mga lansangan. At ni wala akong sapatos na pampasok sa iskuwela, at ang haba ng aking buhok ay hanggang sa leeg, at kinamumuhian ako ng lahat dahil sa ako ay Taga-Kentucky dito sa Indiana. At ganun na lang, oh, napakababaho kung tignan. Ngunit ikinalugod ng Diyos. Amen. Ikinalugod ng Diyos, na siyang nagbukod sa akin mula sa sinapupunan ng aking ina, upang maihayag Niya sa akin ang Kaniyang Anak, nang gawin Niya akong ministro ng Salita, na tuwirang mananatili Dito, na magpapakita ng mga pangitain at mga tanda at mga kababalaghan at mga himala. At, ay, naku...

71 Nakikita n'yo ba kung anong sinasabi niya? Ikinalugod ng Diyos na gawin iyon. Papaano? Makinig kayo nang husto. "Upang ipa…" Kunin natin ngayon ang ika-16 na talata.

Na ihayag ang Kaniyang Anak sa akin, upang Siya'y aking ipangaral sa gitna ng mga Gentil; pagkaraka'y hindi ako sumangguni sa laman at sa dugo:

Hindi ako nagpunta sa kaninumang obispo at nagtanong sa kaniya kung anong dapat kong gawin. Hindi ako nagtungo sa laman at dugo, sa alin mang organisasyon, o sa anupamang bagay. Wala akong kinalaman sa mga iyon. Hindi ako sumangguni sa laman at dugo. O umakyat man ako sa Jerusalem sa mga dakila't banal na mga saserdote, at sa mga banal na pare, at lahat ng mga iyon, na nagsabi, 'Ngayon, alam n'yo, nagkaroon ako ng isang pangitain; anong dapat kong gawin dito? Nakita ko ang banal na Panginoong Jesus sa isang pangitain.' Ang sabi nila, 'Lumabas ka rito, ika'y… Ano'ng… Ikaw na holy-roller. Buweno, ano'ng nangyari sa iyo?' Hindi, mayroon na ako ng mga degree nila sa pasimula pa lamang." Kung…

72 At sinabi ni Pablo dito; maipapakita ko sa inyo sa Kasulatan, na sinabi niyang kinailangan niyang kalimutan ang lahat ng kaniyang natutunan, at ibilang iyon na walang kabuluhan, upang makilala niya si Cristo. Oh.

Ni inahon ko man sa Jerusalem silang mga apostol na nangauna sa akin; kundi sa Arabia ako naparoon; at muling nagbalik ako sa Damasco.

Nang makaraan nga ang tatlong taon ay umahaon ako sa Jerusalem upang dalawin si Cefas, at natira akong kasama niyang labing limang araw.

At sa pagpapatuloy ng pagbasa natin, nakita natin na siya at ang apostol Pedro ay di pa nagkita buong buhay nila, hindi pa sila nagkakilala, hindi pa nagkikita, ngunit nang magsama sila iisang Ebanghelyo ang ipinapangaral nila. Mayroong iskuwelahan ang Diyos. Siya nga.

73 Narito si Pedro, tumayo siya nung araw ng Pentecostes, at nagsabi, "Magsisi ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Ngalan ni Jesus Cristo, sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at inyong tatanggapin ang kaloob ng Espiritu Santo."

Ang sabi ni Felipe, "Oh, nakapaluwalhati nito. Nagkaroon din ako ng pagkakataong makagawa ng isang bagay. Doon sa… Nakatanggap ako ng tawag sa Samaria. Nagpunta ako ro'n at nagpatotoo ako sa lansangan. Pagdaka'y may lumapit na maysakit, pinatungan ko siya ng kamay, at nagsimula siyang magtatalon, ang sabi, 'Luwalhati sa Diyos, heto na kami.' Nagsimula kaming magdaos ng malaking pagtitipon." Ang sabi niya, "Kailangan n'yong lahat ang Espiritu Santo." Ang sabi niya, "Ang kailangan n'yong gawin ay magpabautismo kayo sa Ngalan ni Jesus." Kaya't kinuha niya sila, bawat isa sa kanila roon at binautismuhan sa Ngalan ni Jesus. Ang sabi, "Halika, Pedro, ipatong mo na ang iyong kamay sa kanila." At natanggap nila ang Espiritu Santo. Si Pedro naman, sa sambahayan ni Cornelio, ay ganun din.

74 Hindi pa siya nakita ni Pablo o nakarinig man ng anuman tungkol sa kaniya. Ngunit dumaan siya sa mataas na bahagi ng baybaying-dagat ng Efeso, at nakakita siya ng mga alagad. Nakasumpong siya ng isang mangangaral na Baptist; siya ay si: Apolos, isang naconvert na abogado, matalino, marunong, na tinatalakay ang Lumang Tipan at pinatutunayan sa pamamagitan niyon na si Jesus ay Anak ng Diyos. Opo. Isa siyang matalinong lalaki. At sila'y naghihiyawan, at labis na nagagalak. Ganun ang sabi ng Biblia. Basahin n'yo ang ika-18 at ika-19 na kabanata ng Mga Gawa at tignan n'yo kung iyan ay tama. Nangagagalak sila; sila'y nagsasayawan sa Espiritu, patakbo-takbo, alam n'yo na. Ang sabi ni Pablo,

"Ngunit natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo mula ng kayo ay sumampalataya?"

75 At sa inyong mga kapatid na Baptist na nagpipilit na ipalunok sa mga tao, sa pagsasabing ganito raw ang sabi ng orihinal na Griego, "Natanggap n'yo ba ang Espiritu Santo simula, o nang sumampalataya kayo?" Hinahamon ko kayong dalhin n'yo sa akin ang Griego. May hawak akong orihinal na Griego. Mayroon din akong Aramaic, at ganun din ang Hebreo. Bawat isa sa kanila ay nagsasabing, "Natanggap n'yo ba ang Espiritu Santo magmula nang kayo ay sumampalataya?"

Sa pamamagitan ng pananamapalataya ay naligtas kayo; iyon ay ang inyong pananampalataya sa Diyos. Ang Dugo ang nagpapanatili sa inyong malinis sa kasalanan, sapagkat ito'y nag-aalay. Hindi ka inililigtas ng Dugo; pinapanatili kang malinis ng Dugo. Paano ka naligtas? Sa pamamagitan ng pananampalataya ay naligtas ka, at iyon ay sa pamamagitan ng paunang-kaalaman, pagtawag sa iyo. Ikaw ay ligtas, at ang Dugo ay gumagawa ng pagtubos, walang patid na nagpapanatili sa iyong malinis. At sa pamamagitan ng isang Espiritu ika'y nabautismuhan sa Espiritu Santo, papasok sa pakikisama sa mga mananampalataya, at papasok sa pakikisama sa Espiritu Santo, upang mapangunahan ng Espiritu, gumagawa ng mga tanda, at mga kababalaghan.

76 Sandali, patuloy ang dating, mayroon tayong hinihintay, makukuha natin iyon sa loob ng ilang sandali, sana makuha nga natin iyon. Sinabihan ko kayong tawagan n'yo ako sa oras na ito, hindi ba? Nagkataong napatingin ako ro'n. Kaunting pangungusap na lang, kaunti na lang.

77 Gaano nagtatagal ang kaligtasang ito, gaano katagal? Anong uri ng kaligtasan ito? Palipat-lipat ng simbahan? Mula… Buklatin natin sandali ang Hebreo 9:11.

Ngunit pagdating ni Cristo na dakilang saserdote ng mabubuting bagay na darating, sa pamamagitan ng lalong malaki at lalong sakdal na tabernakulo, na hindi gawa ng mga kamay, sa makatuwid baga'y,… (Ngayon, iisang guro ito, si Pablo. Kita n'yo?)… hindi sa paglalang na ito;

At hindi rin naman sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing at ng mga bulong baka, kundi sa pamamagitan ng kaniyang sariling dugo, ay pumasok na minsan… (Ilang beses? Minsan.)… magpakailan man sa dakong banal, na kinamtan… (pang-isang linggong kaligtasan, kaligtasang hanggang sa kasunod na revival? Anong klase?)… ang walang hanggang katubusan.

78 Anong ibig sabihin ng salitang "eternal"? Kay Cristo, matapos na ako ay manampalataya… Walang taong maaaring tumawag na "Cristo" kay Jesus, kundi sa pamamagitan lamang ng Espiritu Santo. Samakatuwid mayroong tatlong uri ng mga tao: di mananampalataya, kunwa'y mananampalataya, at mananampalataya. Ngunit ang mga sumampalataya patungo sa Eternal na Buhay ay nakapasok sa mga silid.

Halimbawa ang lumang tabernakulo, ano ang una nilang ginawa? Pumasok ang mga Gentil sa mga silid. Ang kasunod ay ang tansong altar pagkatapos nilang hugasan ang alay sa gintong hugasan. Ang kasunod ay ang pagpatay sa alay, at ang pagwiwisik ng dugo sa altar. At minsan isang taon si Aaron na pinahiran (Oh, ng ano?) ng pabango ng Rosa ng Saron, ng mahalagang langis na may pabango, binubuhos nila ito sa kaniyang ulo; umaagos ito hanggang sa laylayan ng kaniyang damit. Masdan n'yo kung papaanong kinakailangan ng lalaking ito na lumagos sa tabing, minsan isang taon, na dala-dala sa kaniyang harapan ang dugo para sa luklukan ng awa. At dinala niya ang kaniyang tungkod ng isang taon at nakalimutan ito. Nang balikan nila ito, inusbungan na ito ng dahon at nagkabulaklak. Isang lumang tangkay na marahil ay bitbit-bitbit niya sa loob ng apatnapung taon sa ilang, inilapag niya sa banal na dakong iyon… Masdan n'yo, kapag inilalabas nila ang dugo ng tipan, ang dugo, siya ay pinapahiran. At nakadamit siya na mayroong mga mumunting kalembang, granada at kalembang. At ang lalaking iyon ay kailangang lumakad sa paraang sa tuwing ikikilos niya ang kaniyang binti, at kumikilos siya nang ganito, at humahakbang, tumutugtog ang mga ito ng "Banal, banal, banal, ang Panginoon. Banal, banal, banal ang Panginoon. Banal, banal, banal ang Panginoon." Ay, naku.

79 Anong sinasabi ko? Pakinggan n'yo Ito, Branham Tabernacle. Nagkaroon na kayo ng inyong pagkakataon. Kapag pinahiran ang isang tao ng Espiritu Santo, upang makupkop sa pamilya ng Diyos, upang maipuwesto ng tama ng Ama, at inilagay dito sa isang paglilingkod, papasok sa layunin ng kaniyang buhay, o sa kung anong pagkatawag ng Diyos sa kaniya, ang lakad niya dapat ay maging, banal, banal, banal ang Panginoon. Banal, banal, banal…"

"Oh, kailangang pumihit ka sa ganito at maging…" Banal, banal, banal ang Panginoon. "Oh, dapat mong paniwalaan lahat ng sinabi ng elder, ganito."

Ngunit banal, banal, banal ang Panginoon. Unahin mo ang Kaniyang Salita; hayaang Ito ang maging lahat-lahat, at maitatag sa iyong sa puso. Ang lakad mo dapat ay nasa sa Salita. "Banal, banal, banal ang Panginoon."

"Oh kung ikaw ay pupunta rito, sasabihin ko sa iyo kung anong gagawin namin; mag-oorganisa kami at ilalagay ka namin sa organisasyon; magiging dakilang tao ka."

“Banal, banal, banal ang Panginoon. Banal, banal, banal ang Panginoon,” nagpapatuloy. Hindi mahalaga kung anong sinasabi ng sinumang tao.

“Huwag mong ipamigay ang mga tape na ito. Gawin mo ang ganito, gawin mo ang ganiyan, gawin mo iyon, gawin mo ang iba pa.”

“Banal, banal, banal ang Panginoon.” Nakatutok ang iyong paningin sa Kalbaryo, at walang makapipigil sa iyo. Ang pinakalalakad ng iyong buhay; binabagtas mo ang Daan ng Hari, may pahid ng mahalagang Langis na pamahid, papasok sa kabanal-banalan. Hoo. Amen. Tama.

80 Ang sabi ni Pablo hindi niya ito nakuha sa tao. Ngayon, anong sinasabi niya, doon sa Mga Taga Galacia, ang ating leksyon. “Ipinahayag sa atin ang hiwaga ng Kaniyang kalooban.” Ano ang Kaniyang kalooban? “Ipinahayag ang mga hiwaga ng Kaniyang kalooban…” Kayo na nagsusulat, sa ika-9 na talata, magmamadali ako ako at ilalabas ko na ito, sapagkat tinatanghali na tayo.

Oh, ang bawat Salita ay napaka…?... Oh, bawat Salita ay isang butil. Maaari mo itong kunin at huwag mong tigilan nang pagpapakintab. Maaari kang maghukay. Magagawa kong… Maaari mong kunin ang isa sa mga Salitang naririyan, dalhin mo sa Genesis at kuskusin mo ito, dalhin mo sa Exodo at kuskusin mo ulit, maaari mo itong dalhin sa Levitico at kuskusin mo ulit, at pagdating mo sa Apocalipsis, ang bawat piraso ay si Jesus. Amen. Maaari mong pakintabin ito sa abot ng gusto mo; si Jesus pa rin ito pagdating mo sa Apocalipsis. Sapagkat ang sabi Niya, “Ako ang Dati, ang Ngayon, at ang Darating. Ako ang Ugat at ang Supling ni David, ang Tala sa Umaga. Ako ang Alpa, at ang Omega.” Iyon ay A hanggag Z sa alpabetong Griego. “Ako ang A hanggang Z. Si AKO NGA. Ako ang lahat-lahat.” Tama. “Ako Siya na nabuhay at namatay, at nabubuhay magpakailanman. Hawak Ko ang mga susi ng kamatayan at impiyerno.” Ay, naku. Bawat butil na mapupulot mo rito at sisimulang pakintabin, ay magiging si Jesus pagkatapos mong pakintabin.

81 Ngayon, maya-mayang kaunti lang ay hihinto na tayo. Siyanga. Ano ang hinihintay natin kung ganun? Ano'ng ipinunta n'yo rito sa pagtitipon? Anong layunin nito? Para sa ano ang dinadaing ng mundo? Bakit nakakasa ro'n ang atomic bomb, ano ang mga molekula at atom? At, oh, saan ba patungkol ang lahat ng ito?

Buklatin natin sandali ang ika-8 kabanata ng Mga Taga Roma, at magsimula tayong bumasa sa bandang, oh, sa ika-8 kabanata. Magsimula tayo sa bandang ika-19 na talata, at basahin na lang natin dito para patamisin ito nang tunay. Tama. Alam ko kung saan kayo papunta riyan. Sige. Ika-8 kabanata ng Mga Taga Roma, at simulan natin sa bandang ika-18 talata. Simulan na nga lang natin sa talatang 14.

Sapagka't ang lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios, ay sila ang mga anak ng Dios. (Tama.)

Sapagka't “hindi ninyo muling tinanggap ang espiritu ng pagkaalipin sa ikatatakot:…

82 “Oh, iniisip ko kung magagawa kong manatiling nakapangunyapit. Oooh, kung makapangungunyapit lang ako ngayon.” Makapangunyapit sa wala. Hindi ito kung nakapangunyapit ako; ang mahalaga'y kung Siya ang nakahawak. Ako'y nasa Kaniya na ngayon. Kita n'yo?

Buweno, sasabihin mo, “Buweno, kung ako'y nasa Kaniya na…” Ngayon, ang sabi n'yong mga Presbyterian, “Aw, dati pa namin pinaniniwalaan 'yan.” Ngunit ang buhay mo'y nagpapatunay na hindi, malibang lumakad ka ng kaparehong uri ng buhay na inilakad Niya, at paniwalaan mo ang kaparehong Ebanghelyong ipinangaral Niya.

Sasabihin mo, “Oh…” Ang sabi ng mga Baptist, “Oo, naniniwala ako sa eternal na kasiguraduhan.” At hahayo ka sa labas at maninigarilyo, at magpupunta sa mga sayawan, at naggugupit ng buhok ang mga kababaihan, at nagpipintura ng kanilang mga mukha, at umaasta ng di-ko-alam? Ang mga bunga n'yo ay nagpapatunay na hindi kayo naniniwala Ro'n.

Kapag sinabi ko, “Naniniwala ka ba sa Divine healing?”

“Oh, sabi ng Doctor Jones namin ganito raw iyon; iyon daw ay nung mga nakaraang panahon pa.”

Aba'y ikaw na mapagpaimbabaw, anong problema mo? Ikaw na abang nalinlang na anak, napakalayo mo sa Ebanghelyo na ito'y naging kahabag-kahabag na. Nalihis ka sa isang maburak na daan sa isang nagliliyab na tambakan ng basura. Hindi mo ba nakikita rito ang sinabi Niya? Ang bawat espiritu na nagpapahayag na si Jesus ay hindi nagkatawang tao ngayon, ay sa maling espiritu. Ang sabi ng Biblia si Jesus Cristo ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man. Kung anong sinabi Niya noon, Siya pa rin ngayon; ganiyan Siya sa lahat ng panahon. Makinig lang kayo.

83 Sapagka't “hindi ninyo muling tinanggap ang espiritu ng pagkaalipin sa ikatatakot; datapuwa't tinanggap ninyo ang espiritu ng… [Ang kongregasyon ay nagsabi ng ”pagkukukop“-Ed.]

Ngayon, pagkatapos na ikaw ay makupkop, tama, matapos na ika'y makupkop, ika'y naipuwesto na; at nauunawaan mong pagkatapos maisagawa ang seremonya na ika'y naipuwesto na nang tama sa Katawan. Ika'y isang anak na lalaki, tunay nga, isang anak na babae; nang ika'y isilang na muli ika'y… Iyon ang iyong kapanganakan. Ngunit ngayon ika'y ipinuwesto na sa tamang lugar.

Hindi natin tinanggap ang espiritu ng pagkatakot…; datapuwat tinanggap natin ang Espiritu-tinanggap natin ang Espiritu ng pagkukupkop, na dahil dito'y sumisigaw tayo ng, Abba, Ama. (Na ang ibig sabihin ay "Diyos ko." Tama.)

Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Dios:

Papaano nangyayari iyon? Sasabihin mo, "Luwalhati sa Diyos. Aleluia. Di ako nababagabag; anak ako ng Diyos," pagkatapos ay lumalabas ka at ginagawa ang mga bagay na ginagawa mo? Ang Espiritu ng Diyos ay gagawa ng mga gawa ng Diyos.

Ang sabi ni Jesus, "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin din naman niya." Kita n'yo, kita n'yo?

84 Kapag umusbong ang sanga at nagbunga ng bungkos ng ubas, at ang sumunod naman ay umusbong at nagbunga ng isang bungkos ng kalabasa, may mali. Kita n'yo? Isa itong hinugpong na iglesia, isa itong hinugpong na sanga, isa itong hinugpong na tao. At isa itong taong makadenominasyon, kasapi sa isang denominasyon, kabilang sa isang denominasyon at tinatawag na Cristiano ang kaniyang sarili, samantalang walang Espiritu Santo at kapangyarihan ng Diyos, at lahat ng mga bagay na ito…

85 Ngayon, kung ikaw ay lalabas do'n at aasta tulad ng bungkos ng mga ito na…?... dahil lang nagsalita ka ng iba't ibang wika. Nakakita na ako ng mga demonyo na nagsasalita ng iba't ibang wika.

Opo. Nakita ko silang nagsasayaw sa Espiritu at sumisigaw at bumubula ang bibig, at iba pa, at lahat ng iyon. Nakita ko iyon. Ako'y isang…?... Hindi iyon ang sinasabi ko. Ang tinutukoy ko'y ang Espiritu ng Diyos.

Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu na tayo'y mga anak ng Dios:

At kung mga anak, ay mga tagapagmana nga; mga tagapagmana sa Dios,… kasamang tagapagmana ni Cristo; kung nga makipagtiis tayo sa kaniya, upang tayo'y lumuwalhati namang kasama niya.

Sapagka't napatutunayan ko na ang pagtitiis…(Pakinggan n'yo lang ito. Oh, kung di ba naman maganda ito.) Sapagka't napatutunayan ko na ang pagtitiis sa panahong ito'y hindi karapatdapat maitumbas sa kaluwalhatiang mahahayag sa atin. (Sa atin.)

Sapagka't ang maningas na pagmimithi ng buong nilalang… (Mayroon ka ritong isang salita, may mababasa ka sa mardyin, "nilikha" ay tama, sa Griego) ay naghihintay ng pagkahayag ng mga anak ng Dios.

86 Anong hinihintay ng lahat? Anong hinihintay ng buong sannilikha? Ang pagkahayag ng mga anak ng Diyos. Naghihitay itong mapasa kaniyang posisyon na ang iglesia. Sino ang anak ng Diyos, nung panahon ni Adan, saan ang kaniyang pinaghaharian? Ang mundo. Siya ang naghahari sa mundo. Tama ba iyon? Hindi na Siya Elah, Elah, Elohim noon; siya ay Jehova. Kita n'yo? "Ako ay Diyos, at gumawa ako ng ilang mas mabababa sa ilalim Ko. At binigyan Ko sila ng paghahari. At ang kanilang pinaghaharian, o dominyon na nasa ilalim nila ay ang mundo." May dominyon ang tao sa lupa. At ang buong sannilikha ay naghihintay na mahayag ang mga anak ng Diyos.

We're watching for the coming of that glad millennium day,

When our blessed Lord shall come and catch His waiting Bride away;

Oh, the earth is groaning, crying for that day of sweet release

When our Saviour shall come back to earth again.

87 Tama ba 'yon? Naghihintay, nagsisikap ang Diyos na mailagay ang Kaniyang iglesia sa posisyon nito upang maihayag ang Kaniyang Sarili, kumukuha Siya ng isa na Kaniyang makikilusan nang ganito, na sinasabi, "Dumadaloy diyan nang buong laya ang Aking Espiritu. Hayan. 'Yan, 'yan, makikilusan Ko ito." Kukuha Siya ng isa pa sa dakong ito at siya'y ipupuwesto, na sinasabi, "Maaari Ko siyang ipuwesto." Pagkukupkop, pagpupuwesto, nahahayag, dadalhin siya rito sa labas at gagawan siya ng isang seremonya, pabibisitahin sa Kaniya ang isang Anghel, na magsasabi sa kaniya ng isang bagay. Ngayon, kung totoo ang sinabi niya… Ngayon, kung gumagawa-gawa lang siya ng isang bagay, hindi ito uubra. Hindi, hindi, hindi iyon gagana, nagkaroon na tayo ng maraming ganiyan. Ngunit ang ibig kong sabihin ay ang pagkakahayag ng mga anak Diyos, kung kailan ay inihahayag ng Diyos ang Kaniyang Sarili at siya'y isinusugo. At sa paghayo niya, anumang sabihin niya ay katotohanan. Anumang ginagawa niya ay

katotohanan. Inihahayag niya si Cristo sa anumang ginagawa niya. Papaano mo siya hahatulan? Sa pamamagitan ng kung papaano siya nananatili sa Salita, ayon na ayon sa Salita. Kita n'yo, ganiyan mo makikilala ang lahat ng tao, kung papaano siya nananatili sa Salita. "Kung hindi sila nangungusap ayon sa Salita, walang Buhay sa kanila," ang sabi ng Biblia. Kita n'yo? Layuan n'yo sila.

88 Ngayon, magbasa tayo, at kailangan na nating huminto, sapagkat tumatakbo ang oras natin. Tama, sa ika-10 talata, o ika-9 na talata, pala.

Na ipinakilala niya sa atin ang hiwaga ng kaniyang kalooban… (upang kupkupin tayo),… ayon sa kaniyang minagaling na ipinasya niya sa kaniya rin:

Inilayon Niya sa Kaniyang Sarili bago pa itatag ang sanlibutan. Ilan ang nakauunawa niyon? Kita n'yo?

Sa pagiging katiwala… (Ay, naku, heto na naman tayo. Kita n'yo? Oh, lampasan na lang natin ito. Kita n'yo?)… sa kaganapan ng mga panahon…

89 Naniniwala ba kayo sa dispensasyon? Ang Biblia ang may sabi nito, "Sa dispensasyon ng kaganapan ng panahon…" Ano ba ang kaganapan ng panahon? Nagkaroon na ng dispensasyon ng, buweno, nagkaroon na ng dispensasyon ng kautusan ni Moses. Nagkaroon na ng dispensasyon ni Juan Bautista. Nagkaroon na ng dispensasyon ni Cristo. Nagkaroon na ng dispensasyon ng organisasyon ng iglesia. Nagkaroon na ng dispensasyon ng pagbuhos ng Espiritu Santo. Ngayon ay ang dispensasyon ng pagkukupkop, na hinihintay ng daigdig, idinadaing. "At pagdating ng kaganapan ng panahon, kapag ang dispensasyon ng kaganapan ng panahon…"

Ano ang kaganapan ng panahon? Kapag nagbangon ang mga patay, kapag tumigil na ang mga karamdaman, kapag ang buong mundo ay tumigil na sa pagdaing. "Ang kaganapan ng dispensasyon ng panahon…" Masdan n'yo ito.

…sa kaganapan ng mga panahon, upang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo,…

Hindi ba kayo nagagalak? Papaano Niya iyon gagawin? Titipunin ang lahat ng mga bagay kanino? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, "kay Cristo"-Ed.] Papaano ka nakapapasok kay Cristo? ["Sa pamamagitan ng isang Espiritu"-Ed.] Sa pamamagitan ng isang Espiritu tayo ay binabautismuhan papasok sa [Isang Katawan"-Ed.] isang Katawan. At ang Katawan ay kaninong Katawan? [Kay Cristo"-Ed]

Nahatulan na Siya, inako na Niya ang ating kahatulan. Kung ganun ay ano tayo? "Kapag nakita Ko ang ["Dugo"-Ed.] Dugo, lalampasan Ko kayo." Sa tuwing tinitignan Niya ang Katawan, na nakaupo roon, duguan. Naroroon ako sa pamamagitan ng ano? Ng Espiritu Santo. Lumalampas Siya. Ay, naku.

… sa kaganapan ng mga panahon, upang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan…

90 Ngayon, kung nais n'yong pag-usapan ang isang Pangalan, uumpisahan natin ang tungkol dito sandali. Ang buong pamilya sa langit ay pinangalanang ano? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng "Jesus Cristo."-Ed.] Ang buong pamily sa lupa ay pinangalanang ano? [Jesus Cristo"-Ed.]

Mayroong mabubuting kababaihang naririto, mabubuti…?... tunay na dilag, mga dilag. May iisang Gng. Branham lamang, Gng. William Branham; siya ang aking maybahay. Umuuwi siyang kasama ko sa tahanan namin. Kita n'yo, ang lahat iba pa sa inyo ay sumasama sa inyong asawang lalaki.

Mayroong iisang dakilang buhay na iglesia ng buhay na Diyos; dala-dala Niya ang Kaniyang Pangalan; puspos Siya ng Kanyang Espiritu. Tama. Hindi ko sinasabing…

91 Hindi ko kinukundina ang mabubuting gawa, hindi ko kumikundina ang kanilang mga ospital at ang mabubuti nilang ginagawa. Sa palagaya ko'y kahanga-hanga iyon, at pagpapala iyon ng Diyos sa mga mahihirap, at nagbabatang sangkatauhan. Hindi ko kinukundina lahat ng iba pang mga bagay na ito na kanilang ginagawa: mabuti, tama lang iyon. At ang kanilang malalaking organisasyon at milyun-milyong dolyar, tunay ngang mas gusto kong makita iyon kahit kailan kaysa sa lasingan sa kanto. Tunay ngang pinararangalan ko sila bilang mga ministrong tumatayo sa pulpito.

Ngunit pagdating sa pagtitipon sa dulo ng dispensasyon, maghihintay ito sa manipestasyon ng mga anak ng Diyos sa dispensasyon na iyon, upang matipon Niya ang lahat-lahat, ang lahat ng nahatid kay Cristo. Ano ba si Cristo? Ilan ba-papaano ba tayo nakapapasok sa Kaniya? I Mga Taga Corinto 12, "Sa pamamagitan ng isang Espiritu tayo ay binabautismuhan sa isang Katawan, na walang iba kundi ang Katawan ni Cristo, at nakibahagi sa bawat kaloob at mabuting bagay na taglay Niya." Tama ba? At ang buong mundo ay dumadaing, umiiyak, naghihitay sa maipestasyon kung saan si Cristo at ang Kaniyang iglesia ay magsasanib.

Sa pagiging katiwala sa kaganapan ng mga panahon… tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo,

ang mga bagay na nangasa sangkalangitan at ang mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa; sa kaniya sinasabi ko,

Tayo rin naman sa kaniya ay ginawang mana,…

92 Oh, Brother Neville, patawarin mo ako sa paggugol ng panahong ito. Nais ko lang… Ang salitang iyan na "mana." Oh, Diyos. Alam kong kayo'y… Iyon ang aking kamag-anak na Kapatid. Hindi ko… Sana hindi ako nababaliw. Nais ko lang… Hindi ko iniisip na ganun ako. Ngunit, ay, naku. Isang ano? "Isang mana." Nakatamo tayo ng mana. Mayroon dapat na mag-iwan sa inyo ng isang bagay. Ang Diyos, bago pa itatag ang sanlibutan, ay nag-iwan sa inyo ng isang bagay: Isang pangalang nakasulat sa Aklat, upang kapag pinaslang ang Cordero ika'y mapagkikilalang kasama Nito. Oh, ilaan natin iyan para mamayang gabi. Bumasa tayo ng kaunti pa. Naku, naku. Papaano ba tayo makakarating sa ika-3 talata ngayong gabi? Samakatuwid…?... Ni hindi tayo nakatalakay ng apat o limang talata mula dito. Ngayon, gayunma'y naghahanda na tayong magtapos. Kakailanganin ko lang itong basahin at bibitawan ko na.

93 Tayo rin naman sa kaniya ay ginawang mana, na…

Ano? Papaano nating makukuha ang manang ito? Papaano nating nakuha? Dahil ba lumakad tayo nang matuwid? Papaano natin nakukuha ang manang ito? Dahil tayo ay itinalaga. Hoo. Mga kapatid kong Arminian, alam kong napakatigas niyan. Di ko layong makasakit, ngunit nakabubuti sa akin nang husto na malamang ito'y… Nakuha n'yo ito; nakuha mo, kapatid, sige. Hindi mo lang nakikita. Nakuha mo rin. Kita n'yo? Ayos ka (Kita n'yo?); ayos ka. Kita n'yo? Ngunit maaari mong… Oh, ngunit napakagandang tignan nito. tulad ng sinabi ni Brother Neville tungkol sa pamilihan nung minsan, "Kunin mo ang hagdan at umikot ka at tignan mo kung ano'ng mayroon ka." Opo. Iyon 'yon. Iyon 'yon. Ang Espiritu Santo ng Diyos ang Hagdan ng Diyos upang masabi sa atin kung anong mayroon tayo. Kita n'yo?

94 Kita n'yo, isang mana. Ay, naku. Na… Anong uri ng mana?

… na itinalaga na niya tayo nang una pa ayon sa pasiya niyaong gumagawa ng lahat ng mga bagay ayon sa pasiya ng kaniyang kalooban:

Noong Siya ay… Bago Siya maging Papa, bago Siya maging Diyos, bago Siya naging isang Tagapagligtas, bago Siya naging isang Tagapagpagaling, bago ang lahat ng ito, nagtalaga Siya, inilagay ang Ngalan ng Cordero sa Aklat, tumingin Siya sa buong panahon sa pamamagita ng Kaniyang paunang kaalaman at nakita ang iyong pangalan, at inilagay rin iyon doon. Ano iyon? At pagkatapos ng ilang panahon ay dumating tayo sa mundo, isinilang ng mga makasalanang magulang; nagpalakad-lakad tayo sa mundo, alam n'yo na. Bigla na lang, tulad ng Judiong iyon na parang tuka ng loro ang ilong, si Pablo, alam n'yo, at-at nagpapatupad siya, nang bigla na lang, may Isang Bagay na nagsabi, "Heto, heto, heto, heto, heto."

Sasabihin mo, "Oh, Abba, Ama." Heto't nagsimula tayong dumating. Kita n'yo? Itinalaga Niya tayo sa ating mana sa Kaniya, na itinalaga sa atin; minana natin iyon bago pa itatag ang sanlibutan. Kita n'yo? Oh. Para sa Kaniyang Sariling layunin upang tuparin ang Kaniyang Sariling mabuting kalooban (Tamang-tama.) upang maging isang Diyos at Tagapagligtas.

95 Na sa kaniya kayo rin naman, pagkarinig ng aral ng katotohanan,…

At Sino ba ang Katotohanan? Si Jesus ang Katotohanan, ang Katotohanan ng Ebanghelyo. Ngayon, anong Ebanghelyo? Mayroon lamang isang Ebanghelyo. Ang sabi ng Mga Taga Galacia 1, "Kahit pa isang Anghel ang mangaral ng anumang ibang Ebanghelyo, siya ay matakuwil." Ito ang Ebanghelyo, ang Ebanghelyo ng inyong kaligtasan, hindi iba; wala nang iba pang Pangalan na ibinigay sa silong ng langit na sukat n'yong ikaligtas." Ngunit sa pangalan ng ano? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "ng Panginoong Jesus Cristo"-Ed.] Ay, naku.

…na sa kaniya rin naman mula nang kayo'y magsisampalataya, ay kayo'y tinatakan…

Oh, "Matapos na kayo ay magsisampalataya…" Papaano natin madadaanan iyan, mga kapatid? Iwanan na lang natin iyan para mamayang gabi, ano'ng palagay n'yo? Ay, naku. Sadyang di ko na kayang lumampas pa riyan. Iwanan na lang natin ito para mamayang gabi. Sadyang di ko maiwan ang salitang iyon "natatakan," papaano ka nakakarating do'n. Kita n'yo?

96 Mana sa pamamagitan ng predestinasyon. May minana akong isang bagay. Anong mana? Kailangan mayroong mag-iwan sa akin ng isang mana. Aba, sasabihin mo, "Iniwanan ako ni Jesus ng mana." Ano ulit? Hindi ako iniwanan ni Jesus ng mana; hindi kayo iniwanan ni Jesus ng mana; bumaba lang Siya at nagbayad para sa iyong mana, dinala ka sa iyong mana. Nauna na ang iyong mana. Dumating lang si Jesus… Maraming… Sinisikap nila iyong gawing ganito, "Ang sabi ng Diyos, 'Buweno, napakaraming ligaw na tao; ayaw kong sila ay… maligtas, kaya't pabababain ko si Jesus at marahil Kaniyang… mayroong malulungkot sa pagkaalam ng aking ginawa at sila'y maliligtas.'" Ay, kahabagan. Hindi ko patatakbuhin ang aking opisina nang ganiyan, kahit pa minsan ay di maganda ang pagpapatakbo ko rito. Hindi ganun

ang gagawin ko. Papaano pa ang Diyos?

97 Ang Diyos, ganapa Niyang nakita sa pamamagitan ng Kaniyang paunang-kaalaman, kung sino ang maliligtas at hindi maliligtas. Isinugo Niya si Jesus upang iligtas yaong mga pinili na Niya. Hindi ba't sinabi ni Pablo sa nakaraang limang talata, na pinili Niya tayo sa Kaniya bago pa magkaroon ng daigdig? Iyan ang ating mana. Pinili tayo ng Diyos, at pinaparito Niya si Jesus upang magbayad ng halaga. Ang ano? Ang pagkabubo ng Kaniyang Dugo, upang walang maibilang na anumang kasalanan sa atin. Wala sa anumang ginagawa mo. Ngunit kung ikaw ay…

"Ang nagkakasala ng sinasadya matapos na makatanggap ng kaalaman ng Katotohanan, ay wala nang hain."

Ngayon, magtitindig na naman kayo riyan at magsasabi, "Papaano iyon, Brother Branham?"

Ngunit alalahanin n'yo (Kita n'yo?), "na nakatanggap ng kaalaman ng Katotohanan." Hindi nila natanggap ang Katotohanan; ang natanggap lang nila ay ang kaalaman Nito. Kita n'yo? Hindi maaari sa mga minsan nang naliwanagan at nakabahagi sa Espiritu Santo, nakatikim ng kapangyarihan ng mabuting Salita. Tulad ng mga borderline believer noon. Naparaming sumulat sa akin tungkol diyan.

98 Ang mga borderline believer na iyon ay nakalapit doon, sina Josue at Caleb ay tumawid doon. Bakit? Ngayon, tatawagin natin iyong Espiritu Santo, ang lupaing iyon. Narito sila. Iyon ay naririto, sabihin nating ito ay ang Espiritu Santo, at sila ay naroroon sa malayo. Nakikita n'yo ba? Ang pangako ay naroroon. Buweno, ang sabi nila, "Magsugo tayo ng sampung tiktik, isa sa bawat tribo, upang malaman ng bawat isa sa mga tribo natin kung ano ang ating mana, kung saan tayo maipupuwesto ro'n, kung saan tayo mailalagay, kaya magsusugo ako ng ilang mga tiktik."

Lahat sila ay nakarating do'n, "Ay, naku. Buweno, tatawagin tayong mga holy-roller!...?... Hindi, hindi, hindi, hindi ko iyon kayang gawin." Kita n'yo? Ang sabi nina Josue at Caleb, "Titignan ko kung anong itsura niyon." Kaya't pumarito sila at minasdan ang…?... Naku, pagdating nila ro'n pumutol sila ng isang malaking bungkos ng kanilang ubas at sila'y nagbalik. Ang sabi nila, "Naku, mainam siya," ika pa, "Oh, sadyang mainam. Heto; tumikim kayo nang kaunti, talagang napakasarap ng mga ito."

"Oh, ang sarap, ngunit, oh, tignan n'yo ang naglalakihang… Oh, hindi natin kayang gawin iyon. Ang tumayo laban sa naglalakihang mga denominasyon na iyon, sa lahat ng naglalakihang mga bagay na iyon? Oh, sayang; hindi natin kaya 'yon. Hindi po…?... Hindi po." At nagsimula silang magsabi, "Oh, bumalik na tayo sa mga palayok ng karne sa Egipto. Mabuti pa sigurong nanatili na lang tayo ro'n. Hindi natin kaya; masyadong matuwid ang daan na ito. Tayo'y… Oh, hindi natin kayang gawin ito; di natin kayang gawin iyon."

99 Ang sabi ni Caleb, "Magsitahimik kayo, lahat kayo."

Sabi naman ni Josue, "Tumahimik ang bawat isa sa inyo. Hayaan n'yong sabihin ko ang isang bagay."

Oh, naku, naku, naku, hindi natin iyon kaya. Oh, hindi natin magagawang…Buweno, kung kailangan kong tigilan ang pakikipagbaraha ko, Brother Branham. Kung kailangan kong pahabain ang aking buhok tulad ng isang matandang babae, sadyang di ko alam kung ano'ng gagawin ko. Kung kailangan kong hubarin ang shorts ko, kailangan kong tumigil, alam n'yo na. at kung isusuko ko ang aking mga sigarilyo, kung kailangan kong gawin ang ganito…" Ikaw na sadyang abang ehemplo… Oo. "Sadyang di ko kayang gawin iyon."

Ang sabi ni Josue, "Oh, mainam 'yon. Maaari natin iyong kubkubin." Ano iyon? Nakatingin sila sa malalaking bayan na nababakuran. Samantalang sina Josue at Caleb ay nakatingin sa pangakong ginawa ng Diyos. Manatili ka sa Salita maging sino ka man. Manatili ka sa Salita.

100 Sapagkat ang sabi ni Pedro, "Magsisi ang bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Ngalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, sapagkat ang pangako ay sa inyo (anong lupaing pangako), at sa inyong mga anak, at sa mga nasa malayo, maging gaano man karami ang tawagin ng Diyos."

Huwag n'yong hayaang makasakit ito, sa pagtatapos, nakikiusap ako. Kita n'yo? Hayan kayong mga Pilgrim Holiness at mga Nazarene, nakapasok kayo sa pagpapakabanal, nakarating kayo sa lugar kung saan nakikita n'yo na ang mga ubas, at pagkatapos ay tumalikod kayo at bumalik. Kita n'yo kung anong nangyari? Iyan ang problema; hindi kayo tumawid sa lupain. Magpakita kayo sa akin ng isang Nazarene o Pilgrim Holiness, o alin man sa kanilang nasa lupa pa rin ngayon, na nakararanas ng mga dakilang kampanya at may mga tanda at kababalaghang naisasagawa. Magpakita kayo ng isa sa akin. Napanatag na kayo sa Egipto, nagsibalik kayo sa mga palayok ng bawang. Tumigil kayo sa Cades-barnea. Tama.

101 Masdan n'yo, hayaan n'yong bigyan ko kayo ng lugar sa ika-6 na kabanata ng Hebreo. "Sapagkat di maaari sa mga minsan nang naliwanagan (May alam na kayong mas mabuti. Kung di n'yo alam dati, alam

n'yo na ngayon. Kita n'yo?), at nakababahagi, at nakatikim ng mga makalangit na kaloob…"

Nakatikim…Kita n'yo? Nagsisimba ang mga tao, at nauupo ro'n, at nagsasabi, "Alam n'yo, maaaring tama sila. Maaaring tama 'yon. Puwede, ngunit ganun pa rin, sasabihin ko sa iyo, iho, kakalinganin ng malaking pananampalataya upang magawa iyon."

"Nakatikim ng mga makalangit na kaloob, pagkatapos ay ibinilang na maruming bagay ang Dugo ng tipan, na nagpabanal sa inyo…"

Tulad ng isang mangangaral, isinugo siya ng kaniyang ina. Ang sabi niya, "Mayroon akong pagkatawag upang maging lingkod ng Panginoon."

"Sige. Ang unang dapat kong gawin ay maglabada ako, anak; ipadadala kita sa isang iskuwelahan." Iyon ang pinakamasamang ginawa niya. Tama. Aalisin nilang lahat kung ano ang sinisikap na ilagay ng Diyo sa kaniya.

102 Pagkatapos… Ngayon, masdan n'yo. "Sapagkat kung magkakasala tayo nang sinasadya matapos na makatanggap tayo ng kaalaman ng katotohanan (ang kaalaman: nakita sa Kasulatan at nalamang sinasabi ng Bibliang Siya'y pareho pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man.). Kita n'yo-iyon ay ang pagkaalam ng Katotohanan… Ang makita iyon, pagkatapos ay tumalikod tayo, at ibilang ang Dugo ng tipan na…"

May isang lalaking nagsasabi, "Ah, oo, naniniwala ako sa Diyos." Sige, gawin mo ang unang hakbang.

"Oo, naniniwala ako sa pagpapakabanal." Sige, ikaw ay nasa gilid na, malapit na at handa nang tumanggap ng Espiritu Santo. Ngunit ikaw ay tumanaw at nagsabi, "Ay, di ko alam ang tungkol diyan. Kung kailangan kong umasta nang ganiyan, alam n'yo na… A-ha. Hindi ko alam. Alam n'yo kung anong tawag nila sa mga taong iyon? A-ha, di ko alam kung magagawa ko iyon o hindi. Hindi, sa wari ko'y hahayo na lang ako at sasapi sa…?..." Kita n'yo?

At alam n'yo kung anong mangyayari? Ang sabi niya, "Imposible silang makapasok." Nagugol na nila ang araw ng kanilang biyaya sa pagkakasala. Ito ang sabi ng Biblia. Alam kong iyan ay magaspang, ngunit ang sabi ng Biblia, "Nakatikim ng mga makalangit na kaloob, at ibinilang ang Dugo ng tipan na sa kanila'y…"

103 Ang sabi nila, "Naniniwala ako sa pagpapakabanal, sa isang mabuti, malinis at banal na buhay."

Oo, pero kayo, nang makita n'yo ang bautismo ng Espiritu Santo, at ang bautismo at lahat ng iba pang mga bagay na ito sa Biblia, anong ginawa n'yo. Ibinilang n'yong maruming bagay ang Dugo ng tipan na pinanglinis sa inyo. Ano ba ang naghatid sa inyo doon, ha? Anong dumampot sa inyo, at anong nag-iiwas sa inyong maging walang kuwentang makasalanan? Anong nag-alis ng kasalanan sa inyong buhay, at ng paninigarilyo, at pag-inom, at ng mga babae at iba pa sa inyong buhay, na di dapat naroroon? Anong gumawa niyon? Ang Dugo ng tipan. At nalakapit na kayo nang husto upang matikman ang mga ubas ng kabilang lupain, pagkatapos ay ikinahiya n'yo ang Ebanghelyo, natakot kayo sa inyong denominasyon? Mahabag nawa ang Diyos. Opo. "Itinuring na maruming bagay ang Dugo ng tipan, at hinamak ang mga gawa ng biyaya. Imposible na para sa kaniyang makapasok sa lupain."

104 Anong nangyari? Tinatanong ko kayo. Ngayon, isa akong typologist, at sinumang may alam sa Biblia ay isang typologist. Mayroon bang isa man sa mga taong iyon na nakarating sa lupain? Walang isa man sa kanila. Sino ang nakarating? Sino ang nakatawid? Yaong mga unang umalis, nagbalik at nagsabi, "Kaya nating kubkubin iyon. Maaari nating taglayin ang Espiritu Santo dahil sinabi ng Diyos."

Sinabi ni Pedro nung araw ng Pentecostes, kung ako'y magsisisi at magpapabautismo sa Ngalan ni Jesus Cristo, matatanggap ko ang Espiritu Santo, ang pangako ay para sa akin. Akin, ang pangako ay akin." Nakita n'yo? Ngayon, ang pangako ay akin. Tinatanggap ko ito; ito'y sa akin. Tunay nga. Sila lamang.

"Oh," sasabihin mo, "ngunit Brother Branham, sa pagkabuhay na muli…" Hindi sila maparoroon. "Oh, hindi sila maparoroon?" Hindi po. Si Jesus ang may sabi.

105 Ang sabi nila, "At ginagawa Mong sindakila ni Moises ang iyong sarili, at sinabi Mo pang nakita mo si Abraham." At ang sabi pa, "At si Abraham ay matagal nang patay. Aba'y, wala ka pang singkuwenta anyos, pagkatapos sabi Mo nakita Mo si Abraham?"

Ang sabi Niya, "Bago pa si Abraham, ay AKO NA NGA." Ay, naku. Ang "AKO NGA," palaging presente, eternal na Diyos, hindi kahapon, hindi bukas, "AKO NGA" (Kita n'yo?), ang palaging presenteng Diyos, ang Elohim, "AKO NGA." Nang magkagayo'y nagsidampot sila; papatayin nila Siya.

Ang sabi niya, "Buweno, kumain ng mana ang mga magulang namin sa ilang. Sa loob ng apatnapung taon nagpaulan ng tinapay ang Diyos mula sa langit at sila'y pinakain. Nagsimba sila at sila'y naging

mabubuting miyembro ng simbahan sa loob ng apatnapung taon. Ang ina ko ay sa simbahan mismo namatay," at lahat na ng tulad niyon. "Ang mga magulang ko'y kumain ng mana sa ilang sa loob ng apatnapung taon."

At ang sabi ni Jesus, "At ang bawat isa sa kanila'y nangamatay." Ang "Kamatayan" ay nangangahulugan ng eternal na pagkahiwalay," "Bawat isa sa kanila ay namatay. Ngunit sinasabi Ko sa inyo, Ako ang Tinapay ng Buhay na bumaba sa langit buhat sa Diyos. Kapag kinain ng tao ang Tinapay na ito ng Espiritu, mayroon siyang Eternal na Buhay, at hindi maaaring mamatay. At siya'y babangunin Ko sa huling araw." Oh, kapatid, hindi ba't kahanga-hanga Siya?

Isn't He wonderful, wonderful, wonderful?

Isn't Jesus our Lord wonderful?

Eyes have seen, ears have heard, what's recorded in God's Word;

Isn't Jesus our Lord wonderful?

106 Tama ba 'yon? Nakikita natin ang kumikilala Niyang Espiritu na dumadaan sa ating kalagitnaan. Nakikita nating gumagawa Siya ng mga himala at tanda at kababalaghan. Narinig nating Iyon ay nakasulat mismo sa Salitang ito, at nakikita nating napagtitibay ito doon sa labas. Ay, naku.

Eyes have seen, ears have heard,

What's recorded in God's Word;

Isn't Jesus my Lord wonderful?

107 Sa loob ng dalawa pang sandali, o tatlo, magkakaroon dito ng pagbabautismo. At ngayon, yaong mga babautismuhan, ang mga kababaihan ay pumunta rito, at ang kalalakihan naman ay sa bandang ito. At ngayon, ang kalalakihan ay sa aking kaliwa, dito sa bandang ito. At ang mga kababaihan naman ay dito. Papariyan ang mga sister na may nakahandang mga damit. At kung may sinumang lalaki o babae na naririto ngayong umaga, na kumbinsidong siya ay naniniwala sa Salita ng Diyos, at sumasampalatayang tumutupad ang Diyos sa Kaniyang pangako, na kung ang isang tao ay lubos na magsisisi sa lahat ng kaniyang kasalanan… Ngayon, ang Dugo ay wala pang nagagawang anuman. Wala pa, pananampalataya n'yo pa lang ito sa Diyos. at ang Diyos ay nananawagan, sadyang [Inilarawan ni Brother Branham, "whoosh, whoosh, whoosh"-Ed.] nanawagan sa inyo. Iyon ang gumagawa niyon, ngayon. ["whoosh, whoosh"-Ed.] "Hindi pa ako nababautismuhan." ["whoosh, whoosh"-Ed.] "Buweno, buweno, kung makapagsisimula lang ako at makapagbabago." ["whoosh"-Ed.] Iyon 'yon: magsimula ka, pagkatapos ay magbabago ka matapos mong magsimula. Kita n'yo? Kailangan mong pumihit, at magsimula. Kita n'yo? Sasabihin mo, "Buweno, hindi ko iyon nakita nang ganun dati."

108 Buweno, mahal na kapatid, nais kong magpakita ka sa akin ng isang Kasulatan kung saan ang sinumang tao… Tatlumpu't isang taon ko na ito inaalok sa ministeryo sa buong mundo sa harap ng mga obispo at iba pa, na magpakita na may isang taong nabautismuhan sa ibang paraan maliban sa Pangalan ni Jesus Cristo. At ang lahat ng hindi nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus ay kinailangang mabautismuhang muli sa Ngalang iyon.

Iisa lang ang Pangalan ng Diyos, at ang Kaniyang Pangalan ay Jesus. Iyon ang Kaniyang Anak; kinuha Niya ang Pangalan ng Kaniyang Anak. Diyos… Ngayon, si Jesus, ang katawan ay isang tao. Alam natin iyan. Iyon ang Anak ng Diyos na nilukuban. Ngayon, hindi tayo naniniwala tulad ng oneness, ang mga taong nagsasabing ang Diyos ay tulad sa iyong daliri. Naniniwala tayong mayroong tatlong katangian-mga katangian ng Diyos, tatlong mga katangian ng Diyos, na kinapahayagan Niya. Ngunit mayroong iisa lamang na Diyos. kita n'yo? Tama. Hindi tayo naniniwalang… Naniniwala tayo sa-sa isang…

Hayaan n'yong gawin kong ganito, naniniwala tayong ang Diyos ay nabuhay sa tatlong opisina. Nagkaroon Siya ng isang opisina sa lupa noon.

109 Ngayon, kayong mga babae ay pumunta na sa bandang ito, at kayo namang mga lalaki ay pumunta sa bandang ito, bilang paghahanda. Sila'y naghahanda na para sa pagbabautismo.

110 At ngayon, mayroong tatlong opisina ang Diyos. Isa sa mga ito ay tinatawag na pagiging Ama, o ang dispensasyon ng Ama; ang isa ay tinatawag na pagiging Anak; at ang isa pa ay tinatawag na Espiritu Santo. Ngayon, sa araw na ito, anong dispensasyon ang kinikilusan ng Ama ngayon? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng "Espiritu Santo"-Ed.] Espiritu Santo. Ano Siya nung nakaraan panahon? Jesus. Ano Siya nung mga panahong nauna ro'n? ["Ama"-Ed.] Ngunit iisa lang ang Diyos. Tama ba? Siya'y Ama, Anak, at Espiritu Santo, ang tatlong iyon, ay tatlong opisina ng iisang Diyos: Isang Diyos.

Ngunit ngayon, ang Ama ay hindi pangalan, tama ba? Nais ko kayong tanungin. Ngayon, ibinibigay ko sa inyo ang Mateo 28:19, kung saan sinabi ni Jesus, "Humayo kayo, gawin n'yong alagad ang lahat ng

mga bansa, bautismuhan n'yo sila sa Ngalan (N-g-a-l-a-n)-Ngalan ng Ama…”

111 Gusto kong makita natin kung gaano n'yo kakabisado ang inyong Kasulatan. Sabihin n'yo sa akin kapag nalihis ako. At sinabi Niya sa kanila, “Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng kinapal. Ang sumampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang di sumampalataya ay parurusahan. At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya: mangagpapalabas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan (Totoo ba lahat iyon?); mangagsasalita sila ng mga bagong wika, sila'y magsisihawak ng mga ahas.” Ngayon, uulitin ko sa inyo ang Mateo…

Makinig kayo, ngayon. Tinatanong ko ang sinumang mananalaysay. Ngayon, ito ay nakatape; ito ay nakararating sa buong mundo. Hinihiling ko sa kanino mang mananalaysay na dalhan ako ng anumang teksto ng Kasulatan, anumang teksto ng-o hindi Kasulatan, anumang teksto ng Kasulatan o kasaysayan, anumang talata ng kasaysayan na nagpapakita na mayroong Protestante, o sinumang tao na nabautismuhan sa pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo” maliban nang ito ay iordina ng iglesia Catolica nung Konseho sa Nicea. Ngayon, iyan ay nasa tape; nakararating ito sa buong mundo, isinasalin ito sa tatlumpu't pitong iba't ibang wika. Babayaran ko ang pamasahe n'yo patawid ng karagatan. Tama. Ang “Ama, Anak, at Espiritu Santo” ay isang huwad at bulaang dogma ng Catolico, at hindi Cristianong bautismo. Tama. Dinala ito ni Luther mula sa iglesia Catolica kasama ng katekismo; sinunod naman ito ni Wesley sa pagdating niya. Ngunit ito ang araw ng manipestasyon ng mga anak ng Diyos, kung kailan ay maihahayag ang mga hiwaga na naitago mula pa nang itatag ang sanlibutan. Ito na ang panahon. Tunay nga.

112 Alalahanin, walang isa mang tao na nabautismuhan sa Biblia sa ngalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo.” Sa loob ng tatlong daang taon matapos na mamatay ang huling apostol, walang sinumang nabautismuhan sa ngalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo. Kanilang… Pareho kong nabasa ang “Pre-Nicene Fathers,” at ang “Nicene Council,” at mula roon ay itinatag nila ang tinatawag nilang “Christian universal church” at ginawan nila ng isang organisasyon, at pinuwersang sumapi ro'n ang lahat ng mga tao, na walang iba kundi ang iglesia Catolica. Ang salita mismong “catholic” ay nangangahulugang “universal,” isang pangdaigdigang iglesiang Cristiano, pangbuong mundo, isang iglesia upang sakupin ang mundo sa Cristianismo. Pinupuwersa nila ang mga taong sumapi ro'n. Doon nila sinunod, tinanggal nila si Venus at inilagay nila si Maria. Tinanggal nila si Jupiter, at inilagay nila si Pablo. Pagano pa rin iyon. Tama. Ang iglesia Catolica ay nanggaling do'n, at matapos ang limang daang taon…

113 Mayroon silang dula na ginagawa sa Louisville ngayon, “Ben Hur.” Nagawa na nila ang “Ten Commandments” di pa katagalan. Sana ay kinuha nila ang isa man dito, kung magagawa nila, sa labinlimang daang taong panahon ng karimlan. Sana inilagay nila iyon: (Kita n'yo?) Labinlimang taon ng pag-uusig ng mga pagano, nung kanilang puwersahin ang lahat at pinagpapatay sila, pinagpapaslang, binitay. Tinalian sila ng baka sa magkabilang mga kamay nila, at pinahahalik sila sa krusipiyo o kung hindi'y palalakarin nila ang mga baka sa magkasalungat na direksyon. Naipatong ko ang aking mga kamay sa mga poste sa Switzerland kung saan pinatayo sila at pinagpuputol ang kanilang mga dila at tinawag silang mga mangkukulam at lahat na. Tamang-tama nga. Tama.

114 At ang espiritung iyon ay buhay pa rin sa araw na ito. Ang batas lang ang pumipigil dito. Hintayin n'yong magkaroon ito ng kalayaan. Iyon ang sabi ng Biblia. Abangan n'yo lang kapag nagpakita na ito ng kaniyang kulay, at nagkaroon ng pagkakataon. Maaaring iboto n'yo ito sa malapit na hinaharap, di natin alam. Kita n'yo? Iyon ay darating; iyon ay darating. Walang paraan para pigilan ito. Ito'y kailangang dumating. Tama. Kailangan nitong dumating; ito'y paparating. Kaya pag dumating ito, magmanman lang kayo. Ngunit, kapatid, ito ang dapat n'yong nasahing malaman; kilala ko kung Sino ang aking sinampalatayanan. Amen. Patuloy tayong nagmamartsa. Kita n'yo? Iyon na 'yon.

115 Mayroong panahon na ang manunulat, nang sabihin ko sa manunulat ng Lamsa Bible, nang tumingin siya at nakita niya ang matandang simbulo ng Diyos, eksaktong eksakto, mayroong tatlong maliliit na tuldok, ang sabi ko, “Ano ang mga iyon?”

Ang sabi niya, “Ang Diyos iyan sa tatlong katangian.”

Ang sabi ko, “Tulad ng Ama, Anak, at Espiritu Santo?”

Tinignan niya ako; ang sabi niya, “Naniniwala ka ba ro'n?

At ang sabi ko, “Opo.”

Ang sabi niya, “Nakita ko ang discernment nung isang gabi; naisip ko isa kang propeta ng Panginoon.” Sabi pa niya,“Pagpalain ng Diyos ang iyong puso.”

Inakbayan niya ako, at nagsabi, “Ngayon, alam ko iyon.” Ang sabi Niya, “Ni hindi alam ng mga Amerikanong ito kung anong…” Ang sabi pa, “Ni wala silang alam na anuman.” Ang sabi, “Sinusubukan nilang kunin ang isang Aklat na nabuo sa Silangan at ginagawa nilang Aklat na Kanluranin. Ni hindi nila alam ang kanilang Biblia. Ang sabi Niya, ”Walang ibang pangalan na ibinigay sa silong ng langit, walang

ibang pangalan, dahil walang sinumang nabautismuhan maliban sa Ngalan ni Jesus Cristo. Walang tatlong persona sa isang Diyos.‟ At kung di ba naman si Brother Lamsa iyon, Doctor Lamsa, ang nagsalin ng Lamsa Bible, na isang matalik na kaibigan ni Eisenhower at lahat ng mga dakilang diplomat ng mundo, at lahat na, inakbayan niya ako, at ang sabi, ”Isang araw babarilin ka nila dahil diyan.‟ Ngunit ang sabi niya, ”Alalahanin mo, lahat ng mga taong iyon ay namatay dahil sa isang adhikain.‟

116 Nais kong matulad kay Pedro nung siya ay nakaupo sa bilangguan. Mayroon do'ng isang maliit na batang lalaki; at nerbiyos na nerbiyos siya. At ang sabi niya, “Oh, anong problema?”

Sabi niya, “Alam mo bang ika'y papatayin na?”

Ang sabi ni Pedro, “Oo.”

Ang sabi niya, “Buweno, ika'y malapit nang mamatay ngayong araw.”

Ang sabi niya, “Oo.”

Ang sabi pa niya, “Buweno, sila'y-sila'y… Hindi ka ba natatakot?”

Ang sabi niya, “Hindi.”

Aniya, “Malamang isa ka sa mga kung tawagin nila ay mga Cristiano.”

Ang sabi niya, “Oo.”

Aniya, “Anong nangyari?”

At sinabi niya sa kaniya, naupo siya at sinabi sa kaniya ang kuwento. At sa pagpapatuloy, umabot sa puntong sinabi niya, “Maaari sana akong lumaya kaninang umaga. Maaari sanang humayo ako at sumapi sa isa sa mga denominasyon nila at magpatuloy na mabuhay. Kita mo? Maaaring napalaya sana ako. Ngunit nang papalabas na ako sa pintuan ng bayan, may nakita akong Isang dumarating, pumapasok. Kilala ko kung sino Siya. Ang sabi ko, 'Panginoon, saan Ka pupunta?' Ang sabi Niya, 'Nagbabalik ako upang muling maipako.'” Ang sabi Niya, “Nagbalik ako.” Nung sandaling iyon ay sinabi nila, 'Kaninong pangalan ang Simon Pedro?'‟ Ang sabi niya, ”Heto ako!‟

www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7